

The Project Gutenberg eBook of Cahangahangang Buhay ni Santa Margarita de Cortona, by Cleto R. Ignacio

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Cahangahangang Buhay ni Santa Margarita de Cortona

Author: Cleto R. Ignacio

Release date: June 8, 2006 [EBook #18536]

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Pilar Somoza, and the Online Distributed Proofreading Team at <http://www.pgdp.net>.
Handog ng Proyektong Gutenberg ng Pilipinas para sa pagpapahalaga ng panitikang Pilipino.
(<http://www.gutenberg.ph>)

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK CAHANGAHANGANG BUHAY NI SANTA MARGARITA DE CORTONA ***



Cahangahangang Buhay

Ni Santa Margarita de Cortona na taga Toscana sa nayon ng Diocesis at limang Virgenes, at apat na puong Soldados na pauang mga mártires at ibang nadamay.

*Hinango sa Año Cristiano at sa Librong
HISTORIA SAGRADA
Na tinula ng isang mauilihin na si*

Cleto R. Ignacio

Concepcion, Malabon, Rizal.

SIPI SA TUNAY NA LIBRO



1916

LIMBAGAN AT MGA AKLATAN
ni
P. Sayo Balo ni Soriano
Rosario 225, Plaza del Conde 1008, Binundok
at Azcárraga 552, Tundo
MAYNILA. K. P.

TALAAAN NG NILALAMAN

SAMO SA BABASA

Puno nang Salita

Capitulo 1.^o

Capitulo 2.^o

Capitulo 3.^o

Capitulo 4.^o

Capitulo 5.^o

Capitulo 6.^o

Capitulo 7.^o

BUHAY NANG MARTIRES

STA. CATALINA MARTIR

SANTA POTAMIANA

SANTA AGUEDA MARTIR

SANTA TEODORA MARTIR

Apat na pung sundalong Martir



SAMO SA BABASA



Icaw na may nasang mag-aliw sa buhay
cung pinipilantic niyong calungcutan,
munting abala mo,i, guguling igamlay
sa handog cong cayang hamac na aliuan.

Sa iyong pagbasa,i, cundi macalaspang
nang minimithi mong lasang sadyang sarap,
pasubalian mong isundo ang hanap
upang ding palaring pita mo,i, matuclas.

Bagaman at mura cung sa biglang tinġin
hilaw at mapacla cung pag-uuariin,
nġuni,t, cung totoong pacananamnamin
ang tamis nang lasa,i, malalanġap mo rin.

Dito sa mapalad na cay Margarita
na naging hantunġan samâ niyong una,

n̄uni,t, n̄ lumaon siya nama,i, isa
na naguing uliran sa gauang maganda.

At ang limang Vírgen na man̄a Mártires
at apat na puong soldadong nagtiis,
n̄ madlang pahirap at m̄a pasakit
hangang sa ang tan̄ang hiniñga,i, napatid.

Pagca,t, ang binyagan na cay Cristong lingcod
ikinatutuang buhay ay matapos,
huag ang maturang maualay sa Dios
tayo doo,i, dapat na umalinsunod.

Huag mo rin sana namang pagsauaan
ang alay cong dahop na pinaglamayan,
may bahagya ca ring mapapakinabang
di lamang ibayong tubo sa puhunan.

Cung may tulang di mo mahulo n̄ lining
guipit ó masucal cung sa lalacarin,
ang iyang pagbasa,i, pagcasiyasatin
ang tunay na landas ay matutuclas din.

Páhiná 4



Páhiná
5

Puno nang Salita



Capitulo 1.º

Taóng isang libo at dalauang daan
saca limang pu pa yaong calabisan,
si Margarita n̄a ay siyang pag-silang
sa bayang Labiano, niyong catauhan.

Sa Nayong Diocesis sa Chiusi ang tauag
sa Toscana yaong unang pagcatanyag,
ang Amá at Iná,i, mabuting tumupad
nang pagca-cristianong canilang tinangap.

At may puring tauo na magpapaupa
yaong guinagauang hanap-buhay nila,
silang nagtuturo sa cay Margarita
niyong bagay bagay na gauang maganda.

Na ayon sa man̄a cabanalang paua
at natututo pa lamang nang bahagya,
yaong Anác nila nang pag-sasalita
iminumulat na ay cagalin̄gan n̄a.

Tanang malumanay na pananalan̄gin
niyong may calin̄gang Ináng nag-aángkin,
sa cay Margaritang puso ay natanim
caylan may di na mangyaring limutin.

At dinadasal niya nang cataiman
caacbay ang puspos na cadakilaan,

hagang huling taón niyang paglalabay
sa cahapishapis at hamac nabayan.

Nğuni at sa gayong casamaang palad
ang may pitong taón bilang nang maganap,
si Margarita ay naulilang cagyat
sa mapag-palayaw na Ináng masicap.

Ang magandang gaua na naguing ca-acbay
sa caniyang puso ay bigláng naualay,
at ang pagcauli niyong pag-sasanay
sa dating ugaling manğa cabanalan.

Sa mauari niyong abang culang palad
yaong pagmamahal nang Ináng lumipas,
at ang casamaang hindi malalanğap
palagay nang aling di carapat-dapat.

Na naguing asauang cauli nang Amá
lihis na pasunod nang di na mabata,
laguing pinupucaw yaong ala-ala
niyong pagmamahal nang naualang Iná.

Caya nğa sa ibang bahay ay hinanap
yaong pagmamahal na ibig malasap,
cusang napadala sa maling hicayat
nang catuaan, tubo ay dusang masaclap.

At hinarap niya yaong pamumuhay
nğ isang lagalag at masamang asal,
pagca palibhasa,i, nahihiyasan
ang caniyang isip nğ catalinuhan.

Tanği sa caniyang cagandahang anyo
ipinabihag ang caniyang puso,
sa pagmamarikit nğ gumandang lalo
at nğ cauilhan nğ magsisisuyo.

Nang mğa lalaki na macamamalas
jay sa abang abá! nğ saliuang-palad,
na uari ay hindi napagtatalastas,
ang bunğa nğ labis na mğa pag-gayac.

At ang ualang taglay bagang cahinhinan
na nacasisira niyong calinisan,
ang cay Tertulianong acala,i, sino man
di mangyaring maguing malinis na turan.

Gaya nğ dalagang pinipilit manding
siya,i, cauilhan nğ matang titinğin
hindi calulugdan ni Cristong malasin
ang nasang calugdang dito,t, panoorin.

At sa Panğinoong nagcacadalaua
ay di mangyaring maglingcod sa isa,
at si Cristo,i, ayaw nang hahatiin pa
yaong paglilingcod natin sa caniya.

Sa bagay na ito,i, sinasabi naman
ni San Cipriano ang ganitong saysay,
ğnakikilala mo cayang cararatnan
nğ iyong dakila na capanğahasan?

Diyan sa pag-gayac na napacalabis
at iyang gaua mo na pagmamarikit,
nagcacasala ca sa Dios sa Lanğit
na sa iyo,i, siyang lumalang na tikis.

Hindi mauauala ang caparusahan
sa iyo pagdating nang tadhanang araw,
huag mong sabihin sa akin ang icaw
ay mahinhi,t, di mo hanğad ang calugdan.

Sucacat na ang icaw ay ang macalimot
sa manğa gagauin na ucol sa Dios,
at ang pagcauli sa iyong pag-handog
sa bagay na ualang casaysayang lugod.

Dapat catacutan yaong cahatulan
sa manġa babayeng tantong nag-cuculang,
nang sa pananamit nila,i, cahinhinan
at ualang matuid na mag-sasangalang.

Cahi,t, uicain mo na ang calulua,i,
di sa damit lamang napagkikilala,
yaong calinisan, at si Margarita
ito rin marahil ang sinabi niya.

Ang capanġahasang yaon ang nagbulid
sa capahamacang di sucat maisip
hindi macasapat sa pagmamarikit
yaong ari nilang caunting nalabis.

Di naman payagan nġ Amáng ubusin
sa pagmamapuri,t, ualang uastong aliw,
na masunod yaong camaliang hiling
ay sa cahalaya,i, napadalang tanging.

Cahit sinisisi nġ caniyang Ama,t,
binibigyan niyong hatol na maganda.
nang caniyang ali,t, gahasa man bagá
manacanaca ring inaralan siya.

Anopa,t, yaong caniyang cabataan
ay naguing isa nang masamang hantunġan,
nang lahat nang canyang manġa cababayan
naguing parang isang sucac nang lansanġan.

Ito na ang mula nang pagcaligalig
niyong pag-nanasa sa napacalabis,
na sa catauan niya,i, pag-mamarikit
ang turo nang Ina,i, nalimot na tikis.

Si Eva ang tunay na cahalimbaua
na sa paglilibang na ualang bahala,
sa umang na silo,i, natuntong na cusa
nang lilong Demonio,t, lubos na nadaya.

Ang manġa dalaga,i, siyang caraniuan
sa pag-mamarikit na nasang calugdan,
nang capua tauo,i, ang cahihihatnan
dinadala tuloy sa capahamacan.

Siyang pag-cahuli sa parayang pain
nang cay Margaritang cabata-ang angkin,
lugsong cabaita,i, hindi macapiguil
bagcus nag-hihigpit nang calaguim-laguim.

Binidbid ang gayong caparanġalanan
nang lalaking tacsil na caugalian,
nahulog sa banġin niyong cahalayan
ang pag-mamarikit itong pakinabang.

Sa isang binata bagang Caballero
malapit sa Ciudad nang Montepulciano,
nabihag nang gandang paraya nang Mundo
sa pitang mahalay ay cusang nabuyó.

Itinalaga na yaong calooban
sa marumi,t, tacsil nilang pamumuhay,
hindi na naisip ang sila,i, pacasal
cundi ang lumaguing nagsama na lamang.

¡Oh saliuang-palad, na dalagang labis
na napabibihag sa pag-mamarikit,
icaw nġa ang salot na ibinubulid
yaong calulua sa icalalait!

Sa lahat nang bayan at manġa Ciudad
icaw nġa ang lasong masidhing camandag,
sa lubhang malabis na manġa pag-gayac
ay hindi mabilang ang nanġapahamac.

Cusang uinaualang bahala na cahit
talastas mang sala ang pag-mamarikit,

ang capalalao,i, panğahas at hilig
sa pag-mamasagua niyong pananamit.

Sa cay Margarita,i, siyang nag-lupaypay
ang labis na lubhang caparangalanan,
sa nasang tanghaling siya at calugdan
ang puring napala,i, caalipustaan.

Yaong cagandahang ibig na tauaguing
Venus at Floripes Diana,t, Abigael,
ang muc-hang masaya,t, tindig na butihin
mamumutla,t, lungcot ang pagmamalasin.

Ang mapanghalina na matáng mapunğay
at linindi-linding aliw nang lansanğan,
di mag-abot kisap ay mahuhumaymay,
ang dating maningning lalabo sa tanan.

Mauaualang lahat ang lugod sa iyo
nang tanang casuyo,t, nang cababayan mo,
ang di magcamayaw na puri nang tauo
lilipad na para lamang alipato.

Saca ang ulo mong pinamumutihan
nang perlas, topasio,t, diamanteng makinang,
na inaayos mong pinagpapagura,i,
bunğong butas-butas ang cahahanganan.

Capatid co,i, ano,t, natitiuasay ca
parang di mo tanto ang bububóng dusa,
ang uica mo yata,i, bucas macalaua
madaling magsisi cung naroroon na.

Nagcacamali ca at di natin lining
ang icatatapos nang hiniñgang angkin,
mabuti cung hinay-hinay ang pagdating
nang camatayan mo, at hindi biglain.

Ang cay Margaritang naguing pamumuhay
hapo na sa gapos niyong cahalayan,
at di napupuna sa caniyang paanán
ang banğing malalim na cabubuliran.

Linalagyan din nğa cung minsan nğ Dios
nang pait, ang manğa mahalay na lugod,
pinaparam yaong pacumbabang handog
na capayapaang paconuaring dulot.

Manaca-naca ring pinag-cacaramdam
ang nanğalalayong manğa pamumuhay,
sa Dios, at sila,i, tinutugtog bilang
ang puso,t, ang maling gaua nila,i, lisan.

Ipinauuari ang pagca-pahamac
nang nabubulagang na saliuang-palad,
nğuni,t, sa udyoc nang caibigang linsad
nag-uualang kibo,t, uari di talastas.

Ang sa puso niya ay itinutugtog
nang di naglilicat na aua nğ Dios,
parang nanğunğusap na madalas halos
cung minsa,i, ualin ding bahala sa loob.

Capitulo 2.º

Gayon nğang nangyari minsang isang araw
tinanğisan niya yaong caugalian,
na isang babayeng Anác ang cabágay
na mapag-acsaya niyong cayamanan.

Tinicang magbanğon sa pagca-gupiling
at lisan ang ninğas na calaguim-laguim,
nang Infiernong apoy na nasa ilalim
nang paá niya,t, siya,i, laang sunuguin,

¿Ano ang nangyari sa cay Margarita
napucaw sa himbing nang pagtulog niya,

binigyan nang Dios nang cataca-taca
na balitang siyang nagpaala-ala?

Nğuni,t, para manding isang maliuanag
na aral, na ualang casaysayang lahat,
ang layaw sa Mundong icapapahamac
malumanay namang siya,i, nakimatiyag.

Ipinauari nang masintahing Amá
minsang isang araw sa cay Margarita,
nang umalis yaong casintahan niya,t,
sa bahay ay siya,i, naiuang mag-isa.

Ualang ano-ano,i, ang ásong maliit
na babayeng caniyang alila,i, nadinğig
na tumatahol nang tila nanananğis
nğ cahambal-hambal na di mapag-isip.

Nğuni,t, hindi naman naguguniguni
nğ saliuang-palad na may nangyayari,
na casacunaan sa caniyang casing
bunying Caballerong buhay ay naputi.

Pinauaualan nğa manding cabuluhan
ang sigaw nğ áso na calumbaylumbay,
hangang nacaraan ang dalauang aráw
áso,i, patuloy rin ang pananambitan.

Saca ang damit ay kinacagat niya
niyong panğinoon na si Margarita,
tila nag-uiuica uari nang halica,t,
ang panğinoong cong casi mo,i, patáy na.

Dito pinasucan nang paghihinala
ang cay Margaritang loob na mahina,
nag-ulol ang sindac na hindi cauasa
sa taghoy nang ásong hindi nagsasaua.

Lumacad nang doon sa áso,i, sumunod
sa daang itinuturo,i, naglalagos,
bahagya pa lamang dumarating halos
sa may calalimang banğin ay nataos.

Na may ilang tuyo na sanğa nğ cahoy
ang áso ay nagpatihulog na doon,
at pinasimulang hinucay nang tuloy
na calumbaylumbay, yaong paghagulhol.

Hinaui nğ nanğanğinig na camay
ni Margarita ang ilang manğa sucal
na bilang na nacatatakip sa hucay
nakita ang bangcay niyong casintahan.

Na buloc na,t, hindi sucat na matiis
yaong sumisingaw na bahong malabis,
nang cay Margaritang abutin nang titig
sumicdo-sicdo na ang caniyang dibdib.

Uinauari niya ang kinahinatnan
nğ gayong cakilakilabot na bagay,
na sinalubong nğ caniyang caauay
tinadtad nğ sugat hangang sa napatay.

Nang si Margarita,i, pagsaulang loob
sa kinahinatnan nğ palad na capos,
na ang buhay niya ay dagling natapos
sa pagpapasasa nğ sa Mundong dulot.

Anopa,t, yaong mabahong bangcay niya
caramihang uod yaong nakikita,
ang catauang hilig nğ nabubuhay pa
sa layaw sa lupa,i, itong naging hanga.

Ni camunting dunğis di ibig bahiran
ang catauan niya niyong nabubuhay,
ang caniyang labis na pagcapihican
nğayon nama,i, siyang pinangdirihan.

Yaong sa puso niya,i, siyang bumabaca
at pagpipighating naalaala,
sa kinabuhusan n̄ pag-ibig niya
at ang catumbayan niyong calulua.

¡Sa abang-aba co! ¿caya,i, napasaan
ang calulua nang sauing capalaran,
saan cundi doon sa Infiernong bayan
ang sagot n̄ voces na umalinġawnġaw?

Magpahangang sa caibutura,i, taos
nang pusò, at tantong ipinanġilabot,
malamig na paus ay agád sumipot
at sinidlan niyong di causang tacot.

Sa cay Margaritang dinidilidili
ang gayong calunos-lunos na nangyari,
sa lugod at layaw ay lubhang nauili
n̄gayo,i, lubos naman ang pagcaruahagui,

Ualang hangang hirap doon sa Infierno
ang ganti sa munting ligaya sa Mundo,
sa sandaling tua,i, nacapalit nito
hirap casakitang hindi mamagcano.

Capitulo 3.^o

Páhiná
13

Cakilakilabot ang cay Margarita
na pakikihamoc sa sarili niya,
bago nasundua,i, nahirapan muna
sa nasang maganda niyang pagtitica.

¡Oh cahambalhambal na casapitan
nang sinomang nanġag papaliban-liban,
niyong pagbabalic loob at ang araw
na icatatapos niya,i, hindi alam!

Ang dalisay niyang pag-aala-ala,i,
capakinabanġan niyong calulua,
kinikilabutan sa sarili niya
ang caa-a-a na si Margarita.

Nagugunam-gunam na nasa sapiling
ang cabubuliran na calaguimlaguim,
at may panġanib pang doo,i, mahulog din
cun ang hinińa niya,i, biglang makitil.

Caya n̄a,t, ang luha niyang pumupulas
ay naging turing nang parang isang dagat,
niyong pagninilay sa pagcapahamac
niyong pagcadaya nang Demoniong sucab.

Sa lupa ay tambing siyang nanic-luhod
nagsisi,t, huminġi nang aua sa Dios,
pinaglampasan nang mahayap na tunod
niyong pagsisising sa puso ay taos.

Ualang iniisip cundi ang tanġisan
lahat nang caniyang manġa casalanan,
pag-pepenitenciang caunaunahan
ang cusang lumayo sa capanġaniban.

Caya n̄a,t, sa loob niya ay tinicang
sa Montepolciano,i, umalis pagdaca,
siya,i, naparoon at nagpatirapa
sa paá nang Amáng tinalicdan niya.

Yaong catacsila,i, inahinġing tauad
at nag-pipighating hindi hamac-hamac,
capagdaca nama,i, agád nang tinangap
niyong Amá, yaong alibughang Anác.

Na tumatanġis na,t, siya,i, nagsisisi
n̄uni,t, ang matigas na loob na ali,
ay hindi pumayag at cusang tumangui
at inari niyang casiraang puri.

Páhiná 14

Ang gayong paghibic at manġa pagtaghoy
ni Margarita nġa na ualang mag-ampon,
dakilang ligalig ang nangyaring yaon
sa buhay na naguing parang isang tapon.

Dalauang puo,t, apat ang caniyang gulang
batá pa at ayos na nahihiyasan,
nang sinag na taglay niyang cagandahan
ang sa muc-ha niya ay napagmamasdan.

Yaong pamumuhay niyang namamalas
na masama,t, parang daan ang catulad,
na nasasabugan nang manġa bulaclac
nang caligayahang labis humicayat.

Siyang tumutucsong muling manumbalic
sa dating casama,t, cagagauang lihis,
iniuurali na sa huling guhit
ay càuaan nang Dios sa lanġit.

Nġuni,t, yao,i, hibong isang camalian
panġaco nang Dios sa cahit sino man,
na nanġagsisisi,t, nagtiticang tunay,
ay iguinagauad ang capatawaran.

Sa pagtauag niya,i, ang nag-ualang kibò
paanong cacamtan ang ipinanġaco,
pag naglibanliban icaw ay di taho
ang camatayan mo,i, cahirapang lalo.

Caya nġa sa gayong pagbubucas bucas
ay lubhang marami ang nanġapahamac,
na ang ualang hangang dusa ay linanġap
nġ manġa pabayang nagpapacatamad.

Nġuni at ang abá na si Margarita
sa udyoc nġ tucso,i, nakikilaban na,
camahalmahalang Pastor ay muli pa
na tumauag pagca,t, hinihintay siya.

Laging nacadipa ang camay sa ati,t,
yayacapin tayo cung siya,i, duluguin,
ang capayapaa,i, ating tatamuhin
at lubos na tayo ay patatauarin.

Panibago namang tinauagan siya
nġ masintang tunay na pag-aanyaya,
inalalayan siya nang pakikibaca
sa dahas nġ tucsong mangahis ang tica.

Ang pangagalinġa,i, yaon nġa marahil
niyong pagbabagong buhay na magaling,
ani Jesus iyang tacot mo,i, pauiin
Margarita,t, kita ay cacalinġain.

Ang magandang tica,i, cusang pinagtibay
at tinatanġisan sa gabi at araw,
ang lahat nġ mġa naguing casalanan
at ang halimbauang manġa casamaan.

Hinahanġad niya na moling mabaui
ang lubhang malabis na pagcacamali,
nġ cahalayhalay na pamamalagi
sa layaw nġ Mundo nġ pagcalugami.

Agád nang naglacobay doon sa Simbahan
siya sa Labiano, na nasosootan,
nang damit Celicio at natatalian
ang liig at tandang pagtiticang tunay.

Saca ang dalisay na paghinġing tauad
sa caniyang manġa cababaya,i, hayag,
at pinagsisihan sa harap nġ lahat
na naguing dahilan nġ pagcapahamac.

Hindi rin naglubag sa bagay na yaon
ang loob nang ali,t, Amá pa,i, caáyon,

pinabayaan na ang lulunḡoylunḡoy
na Anác na ualang sucat na mag-ampon.

Nang makita yaong calagayan niya
nang caauaaua na si Margarita,
na tulad sa tapong uala nang halaga
caya nḡa,t, lumipat sa bayang Cortona.

Doo,i, mahinahong siya ay tinanggap
nḡ ilang Señorang marunong mahabag,
casama ang isa niyang naguing Anác
sa naguing casuyong kinapos nḡ palad.

Ang unang guinaua na pinagpilitan
nang taos sa puso at cataimtiman,
ang dalisay na "confeción general"
sa lahat nang manḡa naguing casalanan.

Siyang matibay na pasimula ito
niyong pagbabagong buhay na totoo,
siya,i, naparoon doon sa Convento
nang cagalang-galang na si S. Francisco.

Na namamalisbis ang luha sa matá
niyong malalim na pag-sisi niya,
isinaysay sampu nang pighating dala
sa isa nḡang Pareng Relegioso bagá.

At ikinumpisal niya nang malacas
tanang casalanang gauang hindi dapat,
at hiniḡi niyang boong pagsisicap
ang "Orden Tercera" siya,i, macatangap.

Nang sa penitenteng damit Serafico
tandang pagtalicod sa layaw sa Mundo,
ang Confesor nama,i, napaayon dito,t,
pinanghinapang pang bagcus na totoo.

Pinasimulan nang pag-pepenitencia
sa nasang macamta,i, binigyang pag-asa,
yaong hinihinḡing simula nḡ gracia
at sa cabanala,i, nagsanay na siya.

Linalayuan nang parang camatayan
sa loob, ang lahat nang macapupucaw,
ang kilos at anyo,i, hilig na mahalay
niyong maruruming pita nang catauan.

Capahintulutan bilang nḡ Señorang
pinaglilingcurang caniyang asaua,
mangyaring huag pahigpitin niya
ang pagpapasakit sa catauang bagá.

Gayon man ay dahil sa laking pag-ibig
na ang catauan niya,i, bigyan pasakit
inaring di dapat ang nasoc sa isip
tuntunḡan ang lupang alalay na gamit.

Sa idinadaos na pananalanḡin
sa lahat nang oras na macayang gauin,
at ang pagsasanay sa icagagaling
nang caisa-isang caluluang angkin.

Pinatauad na nḡa at cusang linimot
nḡ Amang lumic-hang mahabaguiug Dios,
ang cay Margaritang casalanang lubos
at bagcus guinanti nḡ magandang loob.

Madalas din namang siya,i, dinadalaw
at tanḡi siyang pinagcacalooban,
nḡ sa lanḡit bagang mḡa caaliuan
at ang caniyang loob ay pinatatapang.

Na ipatuloy niya ang tunḡo nḡ lacad
na pinasimulan sa tuntuning landas,
niyong cabanalan na icatutuclas
nḡ caligayahang ualang pagcucupas.

Capitulo 4.º

Mġa Franciscano ay niyong masuboc ang cay Margaritang catibayang loob, na penitente nġang bagong naglilingcod sa mapagcandiling mahabaguing Dios.

Sa matining niyang halimbauang bigay doon sa adhicang manġa cabanalan, na sa boong Mundo ay pinasisilang caya,t, nag-habitong ualang caliuagan.

Nang Ordeng Tercera na cay S. Francisco na ualang panġamba sa bagay na ito, patuloy ang loob na di nagbabago sa mġa pahirap niyang tinutunġo.

Ang lapastanġanin ay di inacala nang caniyang asal na buhat sa sama, cung hindi lalo nang nag-ibayo pa nġa sa bagsic nġ gracia na nagbigay bisa.

Inululan yaong pagpapacahirap capacumbabaa,i, lubos na niyacap, uinauari niyang di carapatdapat tingnan ang caniyang calagayang hamac.

Capagbinabati siya nang sinoman at may anyong siya,i, tila minamahal, pag-ibig sa Mundo ay hinahalinhan nang ucol sa Dios na pagsintang tunay.

Kinasusuclaman ang idinudulot nang tungcol sa lupang nagbibigay lugod, na sa catauhan niya,i, naghahandog, ni munting ginhaua ay di iniimbot.

Pinapagnininġas ang tunay na nais, matupoc sa apoy nang laking pag-ibig, sa pananalangin at pagsusumakit sa icararapat na Hari nang lanġit.

Nang nananalangin siyang isang araw na taglay ang lubos na cataimtiman, sa harap nang isang mahal na larauan ni Cristong sa Cruz ay napabayubay.

Doon ay nag-tamó nang tuang malabis at magandang palad dahil sa narinġig, sa labing camahal-mahala,i, sinambit yaong panġunġusap na lubhang matamis.

Sabihin sa akin jó cahabag-habag na babaye,t,! ĵanong sanhi nang pag-iyac, ĵano ang ibig mo бага aking Anác? si Margarita ay tumugong banayad.

Icaw lamang aking Panġinoong mahal icaw ang tunay co na caligayahan, cung na sa aking ca ay di magcuculang aco, nang cahima,t, anong manġa bagay.

Ang sa Santang nasang maninġas na loob na mag-bigay aliw sa Poong cay Jesús, ay siyang pagcaing ikinabubusog na sa araw araw ay macamtang lubos.

Saca noon namang maunaua niya na sa paglilingcod sa manġa Señora, sa bahay na yaon ay di makikita ang catahimican nais na talaga.

At gayon ding hindi masunod ang nais na mag-penitenciang adhica nang dibdib, ay siya,i, humanap niyong munting silid na matatahanan nilang matahimic.

Casama ang bunso niyang minamahal
at ang guinagaua niyang hanap-buhay,
ay ang pananahi sa cubong tahanan
at pag-panaog na,i, tunĝo sa Simbahan.

Sa capua tauo,i, pagca-auang gaua
ó ang paghanap nang matatahi caya,
laguing gumiguising siyang maaga nĝa,t,
nagsisimbang uala camunti mang saua.

Nakikinig niyong Misa,t, nagninilay
na taglay ang lubos na cataimtiman,
cung matanghali nang puso,i, masiyahan
sa pag-dedevocio,i, ooui nang bahay.

Patuloy rin naman ang pag-dedevociong
casama sa gauang pananahing yaon,
ang caabalahan lamang niyang tungcol
ay ang pananahi na pangpauing gutom.

Tumabas magtagpi,t, caraniua,i, itong
ipinagagaua nang sinomang tauo,
ang iniuupa nang cahima,t, sino
bilang limos nila lamang cung gaáno.

Naguiguing panakip ang naibibigay
sa balang caniyang manĝa cailanĝan,
ang manĝa duc-ha pa ay natutulunĝan
nang caunti niyang paghahanap buhay.

Ikinatutua na niya nang malabis
ang pagcain niyang tinapay at tubig,
at nang ilang pasas at di gumagamit
nang ninĝas nang apóy sa cubong maliit.

Liban na nĝa lamang na cung naghahanda
sa panauhin niyang manĝa salanta,
itinuturing na totoong dakila
ang bagay na manĝa caaua-ang gaua.

Capag-uala siyang pagcaing ibigay
ó damit, sa duc-hang nagcacailanĝan,
ay cahit anomang manĝa casangcapan
sa caniyang cubo ay hinahatian.

Maguing pinga,t, cahit yaong vaso caya.
ó manĝa cuchara at maguing damit nĝa,
at isang panahong calamiga,i, sadya
hinubo ang saya sa catauang cusa.

At doon sa duc-ha,i, cusang ibinigay
nang ang cahubaran lamang ay matacpan,
na halos uala na siyang damit naman
at maralita ring naghahanap-buhay.

Kinikilala nĝang yaong manĝa duc-ha
ay tungcol cay Jesús yaong pagpapala,
ang pag-ganting ualang macahalimbaua
ay tulad sa isang dakilang biyaya.

Duc-ha man siya,i, di ibig pagsabihan
nĝ uica ni Jesús na ganitong saysay,
aco,i, nagugutom ay di mo binigyan
nĝ pagcai,t, hubad aco,i, di dinamtan.

Binabayaran nĝ Dios nĝ sagana
ang iniaálay sa camay nĝ duc-ha,
ang cay Margaritang handog at calinĝa
pinatiticman na dito pa sa lupa.

Yaong na sa lanĝit na caligayahan
na tantong malaking capakinabanĝan
niyong calulua,t, naguiguing dahilan
nĝ pagpapaualang halaga sa buhay.

Magmula nĝ siya ay magbalic loob
sa catauan niya,i, malabis ang poot,

pagca,t, siyang naging caáuy na lubos
sa casalanan nãang di sucat masayod.

Saca ang masamang manãa halimbawa
caya hindi pa rin ikinatutua,
yaong cahirapan na dinadalitang
pag-pepenitencia,t, pagaayuro nãa.

Ipinasiya pang yaong cagandaha,i,
cusang papanãiti,t, ang muc-ha,i, sugatan,
nã catacot-tacot nãuni,t, hinadlanãan
nã Confesor niya na umaálalay.

Capitulo 5.º

Sa pananaghili nã Demoniong tacsil
na di ibig niyang ang tauo,i, gumaling,
inumanãan din nãa nã parayang pain
tungãong cabanala,i, upan ding itigil.

Páhiná 21

Ang coronang tanãing ualang pagcalanta
na gaua nã aba na si Margarita,
Santang manahani na itinatalaga
sa sarili, yaong cagalinãan niya.

Inupatan na nãa nã lilong caáuy
niyong catha-catha na cabulaanan,
Margarita, anya ay iyong tigilan
iyang malabis mong mãa cabanalan.

At ang sa tahana,i, lagui mong pagligpit
tunay na di ayon sa taglay mong bait
at ang malabis mo na pagpapasakit
sa iyong cataua,i, tantong nalilinis.

Gayong gaua,i, isang laking calupitan
para cang tikis nang nagpapacamatáy,
di ucol higpitan at ang cailanãan
bigyan mo nang luag at capanahunan.

Upang magcaroon nang camunting lacas
nang may ipag-tangol sa araw na dapat,
na cailanãaning mamaya ó bucas
ay di mahahapo na caagád-agád.

Lubhang masisira ang cabaitan mo
cung magpacahirap nang di mamagcano,
ang dapat mong gauin sa panahong ito
cataua,i, inãata,t, lumauig sa Mundo.

Yamang lubos namang pinatawad ca na
nang Dios, sa lahat nang gaua mong sala,
ay ano ang iyong alalahanin pang
cataua,i, higpitan at mag-penitencia.

Sa umang na silo,i, di lubhang naghirap
na ipinapain niyong si Satanas,
at napagkilala na caagád-agád
ang gayong pagdaya at manãa pag-upat.

Napakikita pang conua ay Angel
nang caluanagan, ang siyang cahambing,
ay si Margarita,i, naghiganting tambing
sa capanãahasan niyong si Lusifer.

Pinapag-ibayo nang higuít sa una
yaong dating gauang pag-pepenitencia,
capacumbaba,i, pinapag-ulol pa
ayon sa hatol nang Evangelio bagá.

Páhiná 22

Isang araw siya,i, lalong sinigasig
nang tucsong marahas na sacdal nang lupit,
caya nãa cay Jesús naghihinakit
niyong hinanakit na caibig-ibig.

Sa lubhang masintang Amáng mananacop
na sa nacadipang larauan sa Cruz,

n̄guni,t, minarapat aliuin ang loob
nang mapagcaliñgang mahabaguing Dios.

Na ang uinica sa caniya,i, ganito
na magpacatapang icaw ó Anác co,
cahima,t, marahas ang cabacang tucso
ay di mangyayaring manaig sa iyo.

At aco,i, narito na iyon casama
sa lubhang mahigpit na pakikisama,
at magmasunurin sa payong maganda
sa umaácay sa iyong calulua.

Huag matakot ca,t, ilagay sa akin
ang gracia ay iyong catibayang kimkim,
huag sa sarili ay umasang tambing
ang nasang tagumpay nang upang tamuhin.

Sa cay Margaritang biyayang kinamtan
bilis nang pagtacbo niyong cabanalan,
sa landas lalo na,t, ang tucsong caauay
ay inuusig siya,i, bagcus tumatapang.

Cusang lumalalim yaong man̄ga ugat
nang capacumbabaan n̄gang hindi hamac,
lalong nahihilig at minamasarap
ang pula at caalipustaang lahat.

Sa hindi pagkibo niya,i, nagcatacá
sa lahat nang namamayan sa Cortona,
ibig niya,i, itapo,t, pagbatuhan siya
na ang ualang casing-sama ang capara.

Na catulad niyong sa Infierno galing
dan̄gan ang Confesor ang nacapipiguil,
siyang humahadlang na di dapat gauin
ang nasa niyang yaong ibig na asalin.

Cundi pinupuing ang gayong adhica
na isang totoong pagpapacababa,
sa man̄ga lansan̄gan siya ay gagalang
may tali sa liig, at ilalathala.

Ang nan̄gacaraan niyang pagcasinsay
at ang nan̄ga gaua niyang casalanan,
upang matalastas nang lahat sa bayan
ang malabis niyang man̄ga catacsilan.

Di cung magcagayo,i, huhulihin siya
cuculan̄gin siya,t, doon isasama,
sa man̄ga babayeng masamang talaga
na linalapatan nang man̄ga parusa.

Ang dakilang yaong capacumbabaan
ni Margarita, ay kinuhang uliran,
ang caniyang laguing pag-gugunamgunam
nang cay Jesucristong man̄ga cahirapan.

Sanhi n̄ga sa ating na icagagaling
ay inalipusta,t, dinuahaguing tambing,
niyong man̄ga Judio, n̄guni,t, di pinansin
binatá at upang tayo ay sacupin.

Lalong sa loob niya ay nacabubuhay
yaong sa sariling pagninilay-nilay,
sa Vírgeng Ináng man̄ga casakitan
sa nagdusang Anác na mapagpalayaw.

Na sinasacdalan nang boong pag-asa
sa anomang man̄ga cailan̄gan bagá,
isang araw nama,i, dinilidili niya
tanang cahirapang di suca,t, mabatá.

At dahil sa atin ay laking pag-ibig
ni Jesús, ang madlang dusa ay tiniis,
moli pang kinamtan ang tuang malabis
sa pagdalaw niyong Amáng na sa lan̄git.

Noon hinatulang siya ay lumaan
sa cacabacahing manġa cahirapan,
at lubhang marahas na caralitaan
ang daranasin mo hangang nabubuhay.

Páhiná 24

Tulad sa pagtunaw nġ guintong malinis
na dinadalisay ang uring malabis,
hangang may camunting dumi inaalís
nang upang tumaas ang mithing kilatis.

Dadalisayin nġa nġayon ang puso mo
nang pakikilaban sa dahas nang tucso,
catacuta,t, sákit ay laan sa iyo
gutom cauhaua,t, pagluhang totoo.

Cahubara,t, pag-iisa,t, pagpapasan
nang Cruz, ang iyong mapagdaranasan,
upang macapasoc sa calualhatian
ani Margarita, aco,i, nalalaan.

Naririto aco ó Panġinoong co
titiisi,t, alang-álang po sa iyo,
tunay cong pag-ibig ay cahit ang Mundo,i,
igauad sa aking hirap mang gaano.

¡Dios co! ay sino ang tatangui caya
sa aking babathing manġa paralita,
na di pa anino nang hirap mong madla
at dahil sa akin ay inalipusta.

Sa ganong pagdidilidiling mataman
nang ganitong hirap ay nanghihinapang,
at mapayapa niyang pinagtitiisan
ang pagcasiphayo,t, caalipustaan.

At si Margarita minsan ay pinuspos
nang isang babaye nang mura,t, pag-ayop,
na nacapagbigay nang masamang ayos
na halimbaua sa matáng nanonood.

Sa bagay na siya ay dapat lumaban
ikinatusa nang caalimurahan,
at binigyan pa niya nang catuiran
ang guinauang yaong catampalasanan.

Gayon ma,i, ang ganti niyang iguinauad
sa sumirang puri na lubhang panġahas,
ay pinadalhan pa nang lalong marapat
na alay na doon sa cubo nagbuhat.

Capag nagdaramdam ang sarili niya
niyong sa babayeng guinauang pagmura,
na di catuiran ay caracaraca,i,
nagpipiguil itong mananahing Santa.

Páhiná 25

Minsan man ay hindi nasoc sa sarili
yaong panġunġusap na paghihiganti,
at hindi ninasang bumigcas nang sabi
na laban sa gayong manġa pagca-api.

Di nagpapakita nang tandang anoman
nang tungcol sa manġa gauang cagalitan,
na sa pagbabata,i, maguing caculanġan
at siyang totoong pinaglalaman.

Tunay na sinupil niyang di sa palá
yaong sa catauang hilig na masama,
na laguing pinag-cacahirapang lubhá
yaong capurihang di ibig masira.

Capitulo 6.º

At cahima,t, gayong caayos ang asal
tunay na caniyang di pinararaan,
ang manġa pagdulog sa lahat nang araw
na nagcucumpisal at nakikinabang.

Tanang camalian lalong maliliit
ó ang caculanġan ay isinusulit,
marahil ang tauong hindi nag-iibig
nang ganoong gaua,i, magtatacang labis.

Dahil sa malimit na manġa pag-tanggap
niyong manġa Santo Sacramentong uagas,
gayon cung magsabi yaong manġa tamad
sa gauang magaling, matamlay gumanap.

Sa pagcucumpisal na laguing pag-dulog
sa confesonario na aua ang handog,
sa tauong may manġa taimtim na loob
sa ninġas nang nasang calugdan nġ Dios.

Sa pagkita niyong manġa caculanġan
agád hinahanap ang caliuanagan,
na di napupuna nang ibang ang layaw
sa Mundo, ang laguing na sa gunam-gunam.

Nġuni,t, sa matibay ang sampalataya
ang confecio,i, taga pamatnugot nila,
siyang bumubuhay niyong calulua
nang macasalanan na patáy sa gracia.

Capakinabanġan nila sa madalas
na pag-cucumpisal gracia,i, nag-dagdág,
at tinatalicdan yaong gauang linsad
at ang calooban ay napapanatag.

Sanhi sa pagtanggap nang capatauaran
sa manġa nagaua niyang casalanan,
at sa calulua,i, nag-nininġas naman
apóy nang pag-ibig na lalong dalisay.

Cung sa ating pusò naman ay mag-alab
ang buhay na sampalataya at uagas,
pananalig saca pag-ibig na tapat
ang calulua at gracia,i, matatangap.

At doon dudulog sa mahal na dulang
nang pagcain niyong mahal na tinapay,
nang manġa Angeles, na di matimbanġan
yaong caáliua,t, pag-papahinapang.

Sa paglacad nila na pasan ang Cruz
sa mahal na piguing niyong mananacop,
nagbibigay lacas at sigla nang loob
nang sa Mundo,i, bilang nilang pagtalicod.

Cusang paghahandog sa Dios na Amá
nang pagca-totoong manġa lingcod sila,
at sa caninġasa,i, lubos ang pag-asa
sa dibdib, nang nasà sa tuituina.

Na sa balang oras ay laguing tangapin
si Jesús, sa Hostiang doo,i, nahabilin,
at manaca-nacang iniuurong din
ang pag-cocomunio,t, ala-ala dahil.

Ang di nġa carapat-dapat magpatuloy
sa caniyang pusò, yaong Panġinoon,
na ang camahalan ay ualang caucol
nang calac-ha,t, ualang capantay na dunong.

Sa pakikibacang capacumbabaan
at yaong malaki niyang cagutuman,
sa pagcain nang camahal-mahalang
Maná, ang totoong ikinahahambal.

Cung minsa,i, totoong mahigpit na lubha
ang loob, at sanhi nang ilinuluha,
nang di cacaunti at lubhang sagana
nġuni at inaliw nang Poong dakila.

Na huag matacot ó Anác cong hirang
at huag lumayo sa laang cong dulang,

sinomang tutunĝo ditó,i, nag-tataglay
nang dakila,t, ucol bagáng calinisan.

Sa camahal-mahalan nĝang Sacramento
nĝuni,t, ganap naman ang calinisan mo,
ay natatacot ca,t, ang dahila,i, ĝano
sa ualang sakit ay anhin ang médico?

Cundi sa talaga na may manĝa damdam
doon ang médico,i, kinacailanĝan,
sa piguing nĝ manĝa Angeles na tunay
ang totoong lunas ay masusunduan.

Nang magpipighati,t, magtatamong galác
ang manĝa mahina ay magsisilacas,
at magsisitapang ang manĝa douag
maestro at Amá sa hanĝad na Anác.

Sa manĝa oveja,i, maauaing Pastor
masintahing Hari sa lahat nang campon,
at sa manĝa duc-ha,i, tanĝing Panĝinooon
at bucal nang cagalinĝan di sang-gayon.

Nang upang mangyari na tangapin niya
ang sinoman sa di mamagcanong gracia,
na ibinubobó ni Jesús na Amá
niyong cagalinĝan niyang ualang hanga.

At sa calulua na masusunduan
yaong cagalinĝang sa caniya,i, laan,
ucol sa pag-gayac siya,i, hinatulan
niyong pagtanggap sa mahal na catauan.

Sa dakilang sala,i, di lamang malinis,
cundi sa lalo mang salang maliliit,
biling cailanĝan lamang ang pagligpit
sa isang maáyos na pananahimic.

Lumayo sa lahat nang capopootan
nang matá nang Amáng macapangyarihan,
dapat na taglayin ang pang-hihinapang
nang sa lanĝit bagáng manĝa cahatulan.

Caya nĝa at nagdudumaling dumulóg
si Margarita, sa pagtanggap cay Jesus,
at siya,i, hindi na lumayó pang lubos
at nag-gunamgunam nang sa puso,i, taos.

Ang di pagcarapat at caralitaan
sa caniya, ay siyang nagpasulong bilang
doon sa pagtacbó nang batis na tunay
nang pagca-dakila at niyong calac-han.

Sa paghahanda ay nagsisicap siya
nang icagagaling niyong calulua,
at isang mahusay na tahanan bagá
nang ualang capantay na Hari at Amá.

Pinuspos ang lingcod niyong Poong Dios
na si Margarita nang hindi masayod,
na catamisan, at darakilang lugod
nang camahal-mahalan nĝang Mananacop.

Caylanma,i, sadyang loob na maganda,t,
nagbibigay nang biyayang mahalaga,
nakikipanayam sa cay Margarita
sa pananalanĝin niya sa tui na.

Santang mananahing ito ay cung minsan
nag-hihinakit niyong catamlayan,
nang loob, sa gauang capalamaraha,t,
masamang pag-ganti nĝ macasalanan.

Na hinuhulugan ang pusong parati,
nĝ tanang caniyang mĝa penitente,
nĝ isang maninĝas na nasang malaki,t,
calualhatian nĝ Dios na casi.

Sa di mabilang na pagcagaling-galing
n̄g man̄ga saliuang capalarang angkin,
parang tumatacbong bulag ang cahambing
sa capahamaca,t, ualang hangang lagim.

Namamagitan n̄ga ay si Margarita,t,
siyang humahandog na magtiis siya,
dahilan sa gauang catacsilan nila
ang hirap sa Mundo ay di alintana.

Madalas sabihing aniya,i, Anác co
niyong Pan̄ginoon nating Jesucristo,
aniya,i, di bagá napagmamasdan mo
ang lagay n̄g lupang ito cung paano.

Tingnan mo,t, ang gracia ay binabayaran
niya, n̄g malaking catampalasanan,
ang m̄ga pag-ibig, niyong catamlayan
man̄ga pagsiphayo,t, caalipustaan.

May man̄ga asauang cusang humahandog
sa cahalayan n̄gang cakilakilabot,
ang binata namang nagbibiling lubos
niyong calulua, sa camunting lugod.

Ang hiyas na taglay niyang calinisan
n̄g man̄ga binata,t, n̄g may asua man,
napabibihag sa ualang casaysayang
pagmamarikit na laking casiraan.

Na caugaliang batis niyong sama
niyong libolibong man̄ga pagdaraya
at saca n̄g m̄ga casalanang paua
na sanhi n̄g man̄ga pagcapan̄ganyaya.

Cung may naliligtas ditong man̄ga ilan
sa bahang mabilis n̄g gayong casamán,
napaalipin sa caparan̄galanan
sa hamac na pitang man̄ga capurihan.

At gayon din sa pag-dedevoción
at sa malimit man na pagtanggap tuloy
niyong Sacramento ni Jesús na Poon
ay boong capacumbabaan ang ucol.

¿Paano ang lagay cayang inaasal
n̄g ibang may hauac niyong catungculan,
na hucom, na nagbibili n̄g catuiran
at inaapi ang ualang casalanan.

O dahil sa suhol at pagsamong gaua
ó sanhi sa cayamanang di sapala,
n̄g m̄ga campon n̄g sakim na adhica
na man̄ga tauo n̄gang hindi nahihya.

Na maghandog niyong inciensong bulaan
na puring cunua sa may catungculan,
gayon din ang man̄ga naghahanap-buhay
na di ginagauang hustong catuiran.

Saca yaong lahat nama,i, dinadaya
n̄g upang macamtan ang anomang nasa
ang cabulaana,t, pagpapan̄ganyaya
at man̄ga paraang iba,t, ibang gaua.

Ang di nahahabag na sinoman siya
sa man̄ga bao co at man̄ga ulila
na ualang mag-ampon at saca bagcus pa
na cusang ginahis nilang tinalaga.

Tanang pag-aaring nan̄gadayang lalo
sa canilang lalang na pagpapatubo
¿paanong ang lan̄git caya,i, ibububo
ang gracia, sa man̄ga tampalasang pusò?

Na di pansin yaong man̄ga casalanan
loob ay matigas cung sa cabandayan

yao,i, isang moog na nacahahadlang
nã sa Dios bagáng manã caáuaán.

Yaong manã yaman ó aring linupig
sa apong ulila pamangkin mang cahit,
maguing sa ibá ma,i, ibigay mong pilit
sa payapang landás nang di ca malihis.

At huag mo sanang ilicmo sa nasa
na icaw sa hindi iyo,i, magpasasa,
cung malinlang mo man ang iyong capua
ang Dios ay hindi mo na madadaya.

Masasarapang ca hangang guinugugol
yaong yamang hindi icáw ang nagtipon
subali,t, pagdating nã tacdang panahon
icáw ang sa dalita naman ang tataghoy.

Ang iguinagalang na pantas mong isip
na ang lalong lico ay pinatutuid,
darating ang araw na ipag-susulit
sa Hucom na di ca macapaglilic-lic.

Diyata,t, sa gayo,i, natituiasay ca,t,
ang huling darating ay di ala-ala,
ipinapalit mo sa munting ligaya
ang Lanãit na ualang catapusang saya.

Cung gayon ang iyong acala icaw
sa iyong sarili ay madarayaan,
ang camatayan mo,i, mabuti na lamang
cung di magtumuli,t, hacbang ay dumalang.

Páhiná 31

Sa cay Margarita,i, itong hinihiling
na iniluluhog nang boong dalanãin,
nang macalilibo na liuanagan din
ang malabong isip, ito,i, siyang daing.

¡Yaong manã aba na saliuang-palad
ikinahahambal niyang dili hamaç,
yaong casalanang napag-tatalastas
na di pinapansin niyong manã sucab.

Ang hindi sa palang manã catacsilan
ay iguinaganting pinagbabayaran,
sa catauan niya,t, pinahihirapan
parang siyang tunay na may casalanan.

Sa guitna nang gayon napagpapasakit
sa sarili niya nang calupit-lupit,
na pagpaparusang cusang tinitiiis
sa catauan niya nang calait-lait.

Tanang capaitan sa caniyang loob
at lalong masaclap na dusta,t, pag-ayop,
ay dinadakilang sa pusò ay taos
sa cay Jesucristo ay pag-sintang lubos.

Nagsasacdal siya sa icaaáliw
niyong Isang Reyna na ualang cahambing,
ualang bahid dunãis at saca sa Angel
nating taga tanod ay idinadaing.

Ipinamamanhic sa magpacalinã
na Vírgen María na Iná nang aua,
sa tanang Angeles sa lanãit na madla
ay isinasamo nang boong pagluha.

Madaling pagdinãig ay napagkilala
sa lahat nang manã carainãan niya,
loob niya cung minsan ay binuhay pa
sa pag-papanayam at pagdalaw bagá.

Bucod dito,i, siya,i, pinagca-looban
nang Dios, nang graciang camahal-mahalan,
bagong Magdalena ang siyang cabagay
nang cay Margaritang biyang kinamtan.

Páhiná 32

Sa pag-gaua niya nang manġa himala
sa matining niyang pagpapacababá,
ayon sa caniyang matibay na nasa
na pagpapaualang halaga sa lupa.

Cailanġang gauin sa harap nġ lahat
na maguing paraang macahihicayat,
camay sa may sakit ay naguiguing lunas
na capagnahipo,i, gumagaling agád.

Gayon ma,i, di siya pinaghihirapan
nġ nanġagnanasa capagnadainġan,
tungcol sa alin mang gauang caauaa,t,
di hanġad gantihin nġ anomang bagay.

Bagcus dumadalo na caracaraca
sa may cailanġan na sinoman siya,
sa capua tauo,t, cagalinġan niya
at capayapaa,i, linilisan muna.

Capitulo 7.^o

Dalauampu,t, tatlong taón ding guinanap
ang pagsasanay sa pagpapacahirap,
at pananalanġi,t, pag-ibig na uagas
ni Margarita, sa tumubos sa lahat.

At iba,t, iba pang manġa cabanalan,
na icararapat sa Poong lumalang,
sarising gauang cagandahang asal
na siyang totoong tunay na uliran.

Upang ipahayag yaong nalalapit
nġ araw na dito sa Mundo,i, pag-alis,
at nġ salubunġin nġ nanġapipiit
sa purgario,t, mahanġo sa sakit.

Dahil sa hirap at pag-pepenitencia
at pananalanġin sa tuituina
at manġa pagluhog sa Dios na Amá
bilang bayad doon sa canilang dusa:

Sa pagmamasakit na hindi causa
sa iguiguinhauang tunay niyong madla
niyong mġa caluluang pinagpala
sa icacacauas ay handog na paua.

Páhiná 33

Nang natitira pang casalanang bahid
ay binabayaran niya nġ pasakit
nġ minsa,i, tatlong buhay na napatid
na idinadalanġin sa Dios sa Lanġit.

Yao,i, di nag-ian nġ mabuting tanda
na sila ay napacagaling na cusa,
ay naguing dapat ding siya,i, pakingan nġa
ni Jesús, at tuloy ipinaunaua.

Na ang calulua nġ tatlong namatay
uala sa Infierno,t, nagtitiis lamang,
nġ banġis nġ madlang manġa cahirapan
ayon sa mabuting manġa cahatulan.

At dahil sa Hucom na lubhang matuid
saca sa pagdalaw nġ manġa Angeles,
halos ualang sucat icaásang labis
sa icagagaling na canilang nais.

Nġuni, sa panġahas na manġa acala,
niyong manġa tauo na nanġabibigla
ay na sa Infierno ang canilang haca
na hinahatulan agad yaong capua.

Sa bagay talos nang manġa cahirapan
nġ nanġapipiit sa calumbaylumbay,
na sinasapit nang na sa bilangguan
na dusa, sa gaua nilang casalanan.

Maipahayag na sa caniyang matapos
n̄g lubhang dakilang mahabaguing Dios
ay totoo niya na ikinalugod
ang gayong balitang caniyang natalos.

At saca muli pang idinaing nito
ang man̄ga capalamarahan nang tauo,
dahil sa casamán nilang di gaano
ang hampas sa bayan ay ibinubunto.

Para bagá bilang na napipilitan
yaong pagbulusoc n̄g casacunaan,
at ayaw umulat nang nan̄gamamayan
ang matá, sa samang dapat na ilagan.

Niyong masabi na sa cay Margarita
ang tantong mapalad na pagpanaw niya,
sa Mundo, ay tunay na nanghihina na
sa higpit nang man̄ga pag-pepenitencia.

Yaong natutupoc mandin ang cauan̄gis
sa alab n̄g apoy n̄g laking pag-ibig
may maliuanag man siyang nalilirip
niyong cagalinḡan niyang ninanais.

Hindi dahil dito ay pinabayaan
ang man̄ga pag-gaua niyong cabanalan,
yaong paghahanda at naalaman
ang catacot-tacot na huling pagpanaw.

Tinanggap na hindi sucat na masayod
nang cataimtiman sa caniyang loob,
ang biático n̄gang casantusang lubos
nitong bunying Santang catoto n̄g Dios.

At sa loob niyong labing-pitong araw
ay ualang kinain na cahit anoman,
at ang ikinabubusog niya lamang
ay ang sa Lan̄git na man̄ga caaliuan.

Na umaápaw sa caniyang calulua
sa pagca-talastas na nalalapit na,
yaong cauacasan niyong buhay niya,t,
tutun̄go cay Jesús niyang sinisinta.

At magpasaualang hanga,i, matatamo
sa labi ay ualang bigcas cundi ito,
man̄ga pakiusap na di mamagcano
sa camahal-mahalan niyang Esposo.

Yaong maicli n̄gang man̄ga panalan̄gin
na madagabdab na apóy ang cahambing,
sa caniyang pusò ay di nagmamaliw
ni camunting oras ay di nagtitiguil.

Araw na ica dalauang pu,t, dalua
nang Febrero,t, taóng isang libo,t, saca
dalauang daa,t, siyam na pu,t, pito pa
ay sa Santo Cristo,i, nacayacap siya.

Na nacadaiti ang labi sa mahal
na sugat n̄ga bagang na sa taguiliran,
inilahabilin sa ualang capantay
na Dios, ang calulua niyang papanaw.

Noo,i, apat na pu,t, ualong taón siya
dalauang pu,t, apat na nag-penitencia,
may nag-sasabi na ang Anác niya
ay naging banal din na Religioso pa.

Doon din sa Orden na cay S. Francisco
na huli sa Iná na namatáy ito,
n̄guni,t, nang oras na pumanaw sa Mundo
ang buhay nang Santa,i, nakitang totoo.

Nang isang dakila na lingcod nang Dios
na ang calulua,i, umakyat na lubos,

sa bayang lualhating ualang pagcatapos
madlang calulua ang nacalilibot.

Sa pag-tatagumpay ay nanġagsasaya
at sa purgatorio,i, nacalabas sila,
nġuni,t, yaong bangcáy nang mahal na Santa
ay gumandang lalo cay sa nġ buhay pa.

Humahalimuyac ang labis na banġo
na naca-aáliw sa nacasasamyo,
caloob nang Dios ang danġal na ito
sa bangcay nang nagpacahirap sa Mundo.

Na sinagaua nang manġa penitencia
nang pula,t, paglait dusta at pagmura,
cusang sinagasa,t, di inalintana
ang lahat na yao,t, niualang halaga.

Bahagya na lamang pumasoc sa Ciudad
ang balita niyong camatayang uagas,
nġ malualhati na Santang mapalad
gayong di mabilang ang nanġacamalas.

Sarisaring tauo ang nanġagsidalaw
pagbibigay galang sa mahal na bangcay,
niyong maralitan mananahi,t, bilang
pagpapahalaga na dakilang tunay.

Niyong cabanala,t, sa di gagaano
na pagcacatipon nġ maraming tauo,
binabantayan nġa ang cabaong nito
sa pagsisicsican nġ nagsisidalo.

Upang mahadlanġan yaong panġanġahas
nang nagnanacaw nang mithing Relikias,
at saca canilang sinootang agad
ang bangcay nang damit na pula ang bicas.

Ipinag-procesión sa manġa lansanġan
sa Ciudad, sa lalong hayag nġang daan,
at ilinagac sa loob nang Simbahan
ni S. Basilio sa bagong libinġan.

Ang manġa casamang nanġag-libing dito,t,
lahat nang Clerigo,t, manġa Religioso,
gayon din ang lahat nang manġa guinoo
doon sa Cortona, at dakilang tauo.

Macaraan naman ang may ilang taón
ay itinago sa Simbahan din yaón,
sa isang maranġal na capilla ucol
sa mahal na Santa,t, saca nġ manoynoy.

Niyong Santo Papang si León Décimo
ang manġa himalang dakilang totoo,
na pamamag-itan sa maraming tauo
sa Dios, nang Santang lubhang masaclolo.

Lalo pa nġa niyong caniyang mamasdan
na di nabubuloc ang mahal na bangcay
magpahanga nġayon cahit nacaraan
ang bilang nang taóng higuít pitong daan.

Umayon sa galang na handog sa caniya,t,
tinulutan naman ang taga Cortona,
na ipinagdiuang ang caniyang fiesta
doon sa Ciudad nang puspos na saya.

Cay Papa Urbano Octavong utos din
na ilaganap cay S. Franciscong Orden,
sinulat nang taong isang libo,t, anim
na raa,t, dalauang pu,t, apat ang turing.

Na catunayan nġang na sa casulatan
sa manġa beato,i, ipinakibilang,
saca sa manġa malualhating banal
itong mananahi na Santang maranġal.

Ang Santo Papa Benicto Tercero
ipinag-utos na ipagdiuang dito,
n̄ Santa Iglesia nitong boong Mundo
sa kinabucasan nang pagpanaw nito.

Iniin̄gatan n̄ga n̄ puspos na galang
ang di nabubuloc na caniyang catauan
sa kinalalagyang mahal na Simbahan,
niyong man̄ga Pareng Franciscanong tanan.

Tauag nang Simbahan ay binago nila
na cay S. Basilio ang n̄galan nang una,
n̄gayo,i, inihayag ang Simbahan bagáng
sa babayeng bunying Santa Margarita.

Ito n̄ga ang siyang dinaanang buhay
nang babayeng hayag na macasalanan,
na iniuan yaong man̄ga casamaan
at hinarap yaong man̄ga cabanalan.

Gaya nang palaguing caniyang uicain
na inuugali tuing dumaraing,
sa cay Jesucristong Pan̄ginoon natin
nang pagpapakitang loob na magaling.

Pan̄ginoon aniya,t, Ama cong mahal
bakit ipinayag mo po caya naman,
sa isang gaya co na macasalanan
ang cahan̄gahan̄ga na cababalaghan.

At iba pang bagay na calooban mo
nariringig naman ang sagot na ito,
niyong Pan̄ginoong nating Jesucristo
cahalimbaua icaw nang lambat co.

Na ipanghuhuli nang macasalanan
na nan̄gahihilig sa man̄ga casamán,
na lumilipana sa Mundong ibabaw
at nan̄gag-uualang bahala sa buhay.

Huag cang manimdim at lubhang marami
ang macasalanan na nan̄gag-sisisi,
nag-pepenitencia cung madilidili
ito,i, calooban cong biyayang malaki.

Di dapat na ipag-calooob sa iyo
cundan̄gan siya cong sinusunod dito,
yaong mataimtim na pag-sisisi mo
lahat namang ito ay naguing totoo.

Na ibinibigcas sa bibig na mahal
ni Jesús na Poong sumacop sa tanan,
na nagcacalooob nang lahat nang bagay,
sa ating ovejang canyang kinapal.

At ito n̄gang lubhang marikit na lambat
na siyang sa atin ay humuling cagyat,
sa dalampasiga,i, hangang sa masadsad
nang isang magandang pag-sisising uagas.

Sa dakilang pag-babalic loob natin
nang tayo,i, caniyang papaguing dapatin,
magtamong graciang ualang pagmamaliw
gaya nang caloob sa Santang butihin.

Niyong Amáng Dios na ualang capantay
na lubos ang aua sa tanang kinapal,
at si Margarita ang ating tularan
tan̄gisang ang ating sala,t, pag-sisihan.

Ipagmaca-aua natin at iluhog
nang buong capacumbabaan cay Jesús,
sa pamamag-itan tayo ay sumunod
sa cay Margarita na magbalic loob.

¡Oh malualhating Santa Margarita
na sa penitenteng naguing huarang ca,

sa macasalana,i, ulirang talaga,t,
caáliuang lagui sa tuitui na.

Liniuanagan n̄g tunay niyang ilaw
ipinagpighati mo pa,t, tinan̄gisang,
ang lahat n̄g iyong man̄ga casalanan
na naging dapat cang pinagpakitaan.

Ni Jesús na Amá at ipinahayag
di mamacailan na ipinatawad
ang man̄ga sala mong lubhang mabibigat
n̄g boong, capacumbabaang di hamac.

At sa madalas mong pag-pepenitencia,i,
laguing dinadalaw na inaaliw ca,
n̄g Esposong lubhang maauaing Amá
sa iyo,i, ipinagcatiualang sadya.

Yaong matataas na lihim n̄g Lan̄git
at minarapat cang lambat na guinamit
humulili n̄g calulua at naghatid
niyong pagsisisi at panunumbalic.

Nangloob, na hilig sa pagcacasala
caya n̄ga bunying malualhating Santa,
na tan̄ging cay Jesús na iniibig ca,t,
calacasang lubos n̄g man̄ga sa sala.

Tanang penitente icaw ang uliran
caya lumuluhod sa iyong paanan,
nagmamacaaua na ipamagitan
sa Dios, at upang gracia,i, aming camtan.

Nang makilala co,t, tan̄gisang palagui
ang casalanang co,t, nan̄gagauang saui,
at macatindig din sa pagcalugami
sa daya n̄g Mundo at pagcacamali.

Madin̄gig co yaong iyong napakingan
n̄g lubos na igauad ang capatawaran,
sa lahat n̄g aking gauang catacsila,t,
aco,i, magcaroon n̄g capayapaan.

Ang nagpipighati na calulua co
ipagmacaamo n̄gayong iluhog mo,
sa iyong caibig-ibig na Esposo,t,
sugatang gaya n̄g pagsugat sa iyo.

Paglampasan niyong totoong palaso
at boong pag-ibig niyaring aking puso,
at huag manaig ang anomang anyo
cundi ang sa iyo,i, lubos na pagsuyo.

At yayamang n̄gayon ay napapahamac
yaring cahinaa,i, upang magcapalad
na mag-penitencia,t, sa iyo,i, tumulad
magsisi,t, ang Lan̄git n̄g aming matuclas.

Di cung magcagayon ay macaasa
caming maliligtas sa bilis n̄g dusa,
cung cami,i, matuto na man̄gagsigaya
sa guinaua niyong Santa Margarita.

BUHAY NANG MARTIRES

Ang lalong mabuti sanang uliranin
n̄g m̄ga dalaga ay ang limang Martir,
na minatamis pang buhay ay nakitil
main̄gatan lamang yaong pagca Vírgen.

Sasalaysaying co n̄gayong isa isa
ang pinagdaanang man̄ga buhay nila,
n̄guni at ang aking sasaysaying una,i,
ang pag-mamartir ni Santa Dorotea.

Bantog sa Ciudad yaong cagandahan
niyong Cesarea, at sa cabaitan,
cagandahang yaon ang naguing dahilan
nã calunos-lunos niyang camatayan.

Manang isang araw ay tinauag ito
nang Hucom na nagnãanlang si Apricio,
at hinicayat siyang di mamagcano
na siya,i, sumamba sa manãa Idolo.

Pagca,t, ang uica niya,i, isang caululan
ang gauang pag-samba nã manãa binyagan,
doon nãa sa isang tauong hamac lamang
na nag-caroon nang laking casalanan.

Caya nãa at ipinaco siya sa Cruz
na pinarusahan nang manãa Judios,
cay Santa Dorotea nãang isinagot
ay si Jesucristo ang totoong Dios.

Sa Lupa at Lanãit siya,i, Haring tambing
na dapat igalang natin at sambahin,
cung caya ang dusa ay dahil sa atin
nang tayo,i, matubos sa pagca-alipin.

Ang sa cay Apriciong guinaua pagdaca
tinauag si Crista,t, saca si Calista,
manãa babayeng tumalicod sila
sa totoong Dios nang sampalataya.

Na cay Doroteang capua capatid
at inihabiling himuking mapilit,
ang naturang Virgen at upang maákit
na siya,i, sumamba sa manãa Dioses.

Datapua,t, tunay na nasayang lamang
yaong capagalan nang dalauang hunghang,
sa pagca at sila,i, siya pang naácay
sa pag-sisisi at pagbabagong buhay.

Caya,t, ang guinaua nang lubhang malupit
na Hucom ay pinahubaran nang damit,
si Santa Dorotea sa laking galit
at ipinag-utos nang labis at higpit.

Na dictan ang caniyang boong catauan
niyong linapad na manãa tanso,t, bacal,
na manãa binaga,t, upang mahirapan
at cung matapos na ay saca pugutan.

Yaong Martir namang si S. Teopilo
dating caáuy nang manãa cristiano,
doon sa Hucoman ay palagui ito
sa dahilang siya,i, isang Abogado.

Pagca,t, lubos niyang kinatutuaan
cung may isusumbong na pagbibintanãan,
na cahima,t, sinong manãa bininyagan
at inaari niya na isang aliuan.

Caya,t, ang sinabi na narinãig niya
sa Hucom, niyong si Santa Dorotea,
na di nauaualan cailan man bagá
nang manãa sariuang bulac-lac at bunga.

Sa halamanan nang caniyang Esposo
sa lualhating bayang Paraizo,
ang nasoc sa isip nãa ni Teopilo
ay sa paglacad ay salubunãin nito.

Ang Vírgeng mapalad na si Dorotea
caya nãa noong ilinalacad na,
sa pag-pupuguta,i, ihahatid siya
sinalubong naman na caracaraca.

Inaglahi na niyang lubos na tinuyá
at pinag-bilinan pa niya conoua,

na padalhan siya nang ibinalita
na bunġa,i, bulac-lac na manġa sariua.

Ang sabing birong uala sa loob niya
at pagpalibhasa lamang na talaga,
ang pagmamartir ni Santa Dorotea
na tinangap naman ay nang matapos na.

Niyong oras din nġang sinasaysay naman
ni Teopilo, sa ilang caibigan,
ang biling bulac-lac at bunġang halaman
na ipinanġacong siya,i, padadalhan.

Páhiná 42

Ay nagtatauanan silang para-para
ualang ano ano,i, nacakita sila,
niyong isang batang lalaking maganda
sa cay Teopilo,i, lumapit pagdaca.

Siya ay binigyan nang tatlong manzanas
na sa isang sanġa nabibiting lahat,
saca tatlo naman nang sariuang rosas
na cahanġa-hanġa sa matáng mamalas.

Tuloy na sinabi naman sa caniya
yaon nġa ang bilin niyang ipadala,
sa minartir na si Santa Dorotea
at biglang nauala naman capagdaca.

Nagtacá si Teopilong hindi hamac
yayamang caniyang napagtalastas
na sa manġa araw na yao,i, di dapat
na mamunġa yaong halamang manzanas.

At ang manġa rosa,i, di capanahunang
magsipamulac-lac ayon sa dahilan,
na noo,i, panahong laking calamigan
caya lubos siyang nagulumihan.

Pinagcalooban din siya nang Dios
nang bisa nang gracia na icatatalos,
na Dios nġang tunay si Cristong sumacop
sa salang minana nitong Sansinucob.

Ipinagsigauan na nġa ni Teopilo
na siya,i, totoong tunay na cristiano,
humarap sa Hucom at sinabi dito
hangang sa minartir siyang naguing Santo.

Caya at siya rin nama,i, nacasama
nang Martir na si Santa Dorotea,
at kinamtan ang lualhating gloria
na bayan nang madlang tua at guinhaua.

STA. CATALINA MARTIR

Si Santa Catalina Martir ay Anác
nang mahal na tauo sa nasabing Ciudad,
sa Alejandría ay siya,i, namulat
sa manġa Idolo nang pagsambang ganap.

Páhiná 43

Nġuni at pinaturuan naman siya
na magaling nang caniyang Amá,t, Iná,
madaling natuto niyong iba,t, ibang
manġa carununġa,t, lubhang na bihasa.

Linoob nang Dios siyang liuanagan
nang gracia niyang camahal-mahalan
nakilala niya ang catotohanan
na si Jesucristo ay Dios na tunay.

At ualang aral na matuid na puspos
cundi ang lahat nang manġa sinusnod,
nang manġa cristiano caya,t, tumalicod
sa Idolo,t, siya,i, nagbinyagang lubos.

Nang macaraan nang manġa ilang araw
sa pagtulog niya,i, napakita naman,
yaong Panġinoong Jesucristong mahal
at Vírgen Mariang cabanal-banalan.

Casama ang madlang maraming Angeles
na sinootan siya ang napanaguinip,
nang isang singsing at nġinalanang tikis
na Esposa niyong Panġinoong ibig.

At nakita niya nang siya,i, maguising
sa isang daliri ang nasabing singsing,
magmula na noo,i, nag-alab na tanging
sa caniyang pusong pag-ibig na angkin.

Sa Dios, at di na sa bibig naualay
ang Jesús na nġalang catamistamisan,
at uala nġa cundi si Jesús na lamang
sa hiniġa niyang pinagbubuntuhan.

Caniyang pinag-nanasa ang malabis
na makita niya ang Dios sa lanġit,
at yaon ang siyang ikinasasabic
na muntima,i, hindi maualay sa isip.

Mana,i, nagpatauag nang panahong ito
ang Emperador na si Maximiano,
na balang binyagang cahiman at sino
talicdan ang Dios nang manġa cristiano.

Sa dagling panaho,t, ang balang sumuay
ay magsihanda na,t, sila,i, mamamatáy,
sumunod sa utos niyong napakingan
si Catalina nġang babayeng maranġal.

Caya,t, ang guinaua ay cusang humarap
sa Emperador at ang ipinahayag,
ay binyagan siya na cusang tatanggap
niyong camatayan sa Ley ay atas.

Ang Emperador ay cusang natiguilan
pagca,t, tila manding naálang-alang,
ang malabis niyang manġa calupitan
doon sa dalagang puspos carununġan.

Bakit kilala nang ang babayeng ito
ay tunay na Anác nang mahal na tauo,
ang taglay na gulang ay lalabing-ualong
taón nang humarap cay Maximiano.

Sa Emperador na inacala naman
na madaling yaon ay mauupatan,
at dahilan doon sa caniyang taglay
na cabataan pa,i, marupoc ang lagay.

Ipinasundó nġa ni Maximiano
lalong marurunong niyang filósofo,
niyong tanang manġa Idolatrang tauo
siyang laang magsisihicayat ito.

Sa cay Catalina na babayeng Virgen
na sa Idolo ay ibig pasambahin,
limang pu pagdaca doon ang dumating
pinacamarunong nanġusap na tanging.

Guinamit ang lahat nang manġa paraan
sa cay Catalina upang mahiboan,
sa Demonio pa silang tinulunġan
nġuni,t, sila,i, ualang nagauang anoman.

At kinasihan nang Espíritu Santo
ang abang babaye cung caya natuto,
nang manġa panagot caya nġa,t, nagtamo
siya, sa calaban niyong pananalò.

Nagpilitang nanġagsikilala tuloy
yaong filósofong limangpung marunong

Minagaling nilang manġa catuiran
at ang mariríkit na manġa panġaral,
nġ caharap nilang dalagang timtiman
na hindi nanġambang naghain nġ buhay.

Sa malaking galit niyong Emperador
ay pinasungaban yaong marurunong,
na filósofos at iniutos tuloy
na silang lahat ay sunuguin sa apoy.

Caya't silang lahat nama'y para-parang
sinac-lolonan nang mahal na gracia,
sa gayong pasakit ay namatay sila
alang-alang sa cay Jesucristo bagá.

Si Catalina,i, ipinahampas naman
at di pinacaing labing isang araw,
at di pinainom nġa sa bilangguan
hinihimutoc niya sa madlang paraan.

Hindi naman pinahalagahang lubos
ang tanang panġaco na idinudulot,
sa caniyang lahat na pakitang loob
cahit camunti man ay di nalamuyot.

Emperatriz tuloy ay pinapugutan
na asua niyong mabunying General,
na si Porfirio dahil sa pagdalaw
sa cay Catalinang na sa bilangguan.

At silang lahat ay nanampalataya
sa Dios, at tuloy nanġagbinyagan pa,
saca iniutos niyong palamarang
gulunġan nġ bató ang dakilang Santa.

Na may nacapacong maraming patalim
sa boong paliguin caya't nanalanġin,
sa Dios, si Santa Catalinang Virgen
sa hirap na yaon na dadalitin.

Caya nġa nasira,t, sumabog pagdaca
ang gulong, at madlang sumampalataya,
sa cay Jesucristo nġuni at lalo pang
tumigas ang loob sa pagpaparusa.

Nang tacsil na Emperador Maximiano
agád iniutos na putlan nġ ulo,
itong Vírgeng Mártir at nanaw sa Mundo
yaong calulua,t, Lanġit ay tinamo.

Catauan nġ Santa,i, sa Dios inibig
na buhatin naman nġ manġa Angeles,
sa taluctoc niyong bundoc inihatid
nġ Sinay, at doon nalibing na tikis.

SANTA POTAMIANA

Ang Vírgen at Martir at hirang na Santa
na alilang tanġi na si Potamiana,
puspos cahinhina,t, dalagang maganda
na nacalulugod sa titig nġ matá.

Na di nahicayat camunti man lamang
niyong panġinoon sa pitang mahalay,
ang di pagcagahis sa nġayong paglaban
ang sa pagca Martir ay naging dahilan.

Pagca,t, ang ginawa niyong panġinoóng
malibog, sa bagay na hindi pag-ayon,
ay dumulog nġa siya sa Gobernador
sa Alejandría ay ipinagsumbong.

Ang di miminsang caniyang pagcahiya
doon sa mahalay niyang ninanasa,
at sinabi yaong caniyang alila
at caibigan niya pagcapalibhasa.

Yaong Gobernador at ang cahilingan
si Potamiana,i, dapat pahirapan,
na patayi,t, siya,i, sumunod sa aral
ni Jesucristo,t, tunay na biniyagan.

At ayaw sumamba sa manġa Idolos
na siyang dito,i, ating dinidios,
nġuni,t, ibinulong nġ may asal hayop
sa Gobernador na tampalasang loob.

Na si Potamiana ay huag aanhin
cun hindi madali lamang paouiin,
sa caniyang bahay at papanġacuin
na ang calooban niya,i, siyang sundin.

Sa Gobernador nġang pinanġatauanan
ang pagsunod sa caniyang caibigan,
at si Potamiana ay pinagbaualan
na tunay na siya ay pasusungaban.

At ilalagay sa cumuculong lanġis
hangang ang hiningang tangan ay mapatid,
cun ang pagsamba niya ay di maáalis
sa cay Jesucristo cacamtan ay sakit.

Cung sa calooban ay tatangui siya
niyong panġinoo,i, pilit magdurasa,
sa balang mahigpit ay di nabalisa
alilang mabait at di man nanġamba.

Pagdaca,i, nanġusap siya nang ganito
labis na aniyang natatalastas co,
anoman ang hirap na iparusa mo
sa akin ay pilit matatapos ito.

Na di malalao,t, ualang sala naman
at cung mauala na yaring aking buhay,
at manaw na dito sa lupang ibabaw
tunay naman acong pag-cacalooban.

Sa Lanġit, nang macapangyarihang Dios
niyong lualhating ualang pagcatapos,
at payapang buhay na ligaya,i, lubos
ualang gutom uhaw dalita at pagod.

Cung matakot aco,t, sumunod sa iyo
nanamnaming co nġa sa buhay na ito,
ang sandaling layaw niyaring catauang co
sa cabulaanang hain nitong Mundo.

Mauiuili aco,t, maguiguinhauahan
sa buhay na ito ang aking catauan,
at malaking hirap naman ang cacamtan
doon sa Infierno magpacailan man.

Icaw sa sarili nġayo,i, pag-isipin
cun ano ang iyong nararapat gauin,
yamang ang puso co ay di magmamaliw
na sa isang Dios lamang ihahain.

Sa Gobernador na maunauang tunay
na ang pagod niya,i, masasayang lamang,
at di magagahis ang dalagang hirang
anoman ang gauin na manġa paraan.

Caya nġa, noon din ay ipinatauag
ang manġa verdugo at ipinag-atas,
ang balang parusa ay ganapin agád
doon sa dalagang loob na matigas.

Hindi man nasindac sa parusang yaon
si Potamiana,t, pagdaca,i, lumusong,

doon sa lanĝis na cumuculong hatol
na itinatadhana niyong Gobernador.

Ang cahalimbaua ay lumusong lamang
sa isang masarap niyang paliguan,
dinálitang lubos yaong camatayan
tikis na sumugbang di kinilabutan.

Huag na masira lamang ang caniya
na matibay bagang pagsampalataya,
at dalisay na pagca Vírgen sadya
huag madunĝisan buhay ma,i, mapaca.

Caya,t, ang hiniñgang tanĝa,i, nĝ mapatid
ay kinamtang lubos ang tua sa Lanĝit,
cahirapan niya ay ginanting bihis
nĝ Amang lumalang nitong sandaigdig.

SANTA AGUEDA MARTIR

Ang Virgen at Martir na Santa Agueda
doon sa Palermo ipinanĝanac siya.
Ciudad nĝ cahariang Cecilia
yaong pagcatauo,i, doon nakilala.

Namamahala nĝa nĝ panahong ito,i,
casalucuyang Emperador Decio,
nĝuni,t, si Agueda,i, magandang totoo
ay di nabubuyo sa layaw sa Mundo.

Ang Amá at Ina,i, capua binyagan
at mahal na lahi ang pinangalingan
caya ang Anác ay pinaturuan
nĝ Amá at Inang marunong magmahal.

Niyong sarisaring carununĝang angkin
bakit may talagang cabaitang kimkim
loob ay banayad at sadyang mahinhin
sa tanang dalaga ay isa nang ningning.

Pagsapit sa ica dalauang pung taón
nĝ caniyang búhay bagáng linalayon,
yaong cagandaha,t, loob na hinahon
mabanĝong bulaclac ang siyang caucol.

Caya nĝa,t, naacay sa gauang pagsinta
ang Gobernador doon sa Cecilia,
na si Quinciano ang panĝalan niya
at moli,t, moli nĝang sumasamo siya.

Na tangapin yaong caniyang pag-ibig
nĝuni,t, si Agueda,i, tumanguing malabis,
pagca,t, inialay ang pusò at dibdib
sa Dios na Hari nang lupa at lanĝit.

Ang pagca Vírgen niyang iniinĝatan
ay di dinunĝisan magpacaila man,
bakit si Quinciano,i, hindi binyagan
at di sumasamba sa Dios na tunay.

Sa hindi pag-ayon sa iuing pag-ibig
niyong si Aguedang may pusong malinis,
si Quinciano nĝa,i, nagtaglay nang galit
maálab na lubhang apóy ang caparis.

Inacala niyong Gobernador naman
butihing dalaga ay pag-higantihan,
nang dusang malabis at cadahilanan
ay yaong nasapit niyang cahihiyan.

At agád-agád nĝang ipinatauag na
doon sa hucuman yaong si Agueda,
at pinagsabihang huag na sumamba
sa cay Jesucristo at sumpain niya.

Dagling kilalanin at sambahin nito
ang manġa Dioses na pauang idolo,
na sinasamba nang hindi cristiano,t,
iguinagalang doon sa Imperio.

Nang sa cay Aguedang madinġig ang utos
ay sa Gobernador pagdaca,i, sumagot,
ang loob mong iya,i, di co masusunod
pagca,t, aco,i, ualang ibang Dinidios.

Cundi yaong tunay na si Jesucristo
sa akin ay siyang may aring totoo,
iyaring boong puso at calulua co
alay sa caniya caratnan ma,i, ano.

Tunay acong hindi macahihiualay
sa caniya, anomang aking caratnan,
ay tumutol naman yaong tampalasang
Gobernador bagáng sadyang calupitan.

At pinagbalaan yaong si Agueda
na palalapatan nang labis na dusa,
caya nġa mapilit na sumunod siya
sa iniuutos na manġa pag-samba.

Sumagot na di man nagulumihanang
at ipinahayag nang Virgeng matapang,
na cahima,t, siya,i, alisan nang buhay
ang utos na yao,i, di magagampanan.

Lubos ang caniyang pagsampalataya
sa cay Jesucristo, at pag-ibig niya,
matuluyang kitlin ang tanġang hiningġa
yaon ang Dios niyang kinikilala.

Ipinatauag na niyong asal hayop
na si Quinciano, ang manġa verdugos,
ni Santa Agueda ay ipinag-utos
na pagtatampaling lacas ay iubos.

Cung matapos nama,i, canilang cayurin
niyong manġa cucong hayap na patalim
ang boong catauan nama,i, sayaran din
nang lapád na tansó at bacal na tambing.

Na pinapagbaga,t, saca pinaputlan
nang dalauang suso niyong tampalan,
ang tanang caharap ay kinilabutan
sapagca,t, lumabis yaong calupitan.

Doon sa Vírgen ni Quinciano bagá
caya,t, ang lahat nang doo,i, nacakita,
sa gayong pahirap cay Santa Agueda
muc-ha,i, di nagbago,t, lalo pang sumaya.

Ipinaculong na yaong bunying Martir
sa bilangguan nġa na lalong madilim
at di malalao,t, pilit makikitul
ang buhay sa gayong hirap na inatim.

Anopa at cusang lumiuang naman
ang sadyang madilim bagang bilangguan,
at dumating doo,t, napakitang tunay
ang malualhating Apostol na hirang.

Na si San Pedro,t, namasdan nġ lahat
na biglang gumaling ang lahat nġ sugat,
nġ cay Santa Aguedang catauang hayag
na tila uala ring dinamdam na hirap.

Si Quinciano nġa,i, bagcus pang nagalit
sa bagay na yaong caniyang nabatid,
at ipinag-utos nġ lalong mahigpit
caladcarang hubad na bigyang pasakit.

Doon sa lupa nġang sadyang sinabugan
nġ maraming bága,t, manġa bubog naman,

ang utos na yao,i, agád ginampanan
n̄g man̄ga verdugos na pauang sucaban.

N̄guni at natakot yaong palamara
at lihim na ipinadala ang Santa,
doon sa bilangua,t, dahilan bagáng
malacas na lindol ang nacabalisa.

Sa boong Ciudad at nan̄gaglagpacan
yaong man̄ga bató na ikinamatay,
ni Silvino saca ni Palcomio man
caibigan niya,t, casama sa bahay.

Martir ay bahagya lamang humihin̄ga
sa catacot-tacot na pagcaparusa,
n̄g sa bilanguan ay naroroon na
nanalan̄gin na n̄ga ang mahal na Sánta.

Pan̄ginoong co aniyang Jesucristo
yayamang aco po ay iniibig mo,
at di itinulot na yaring loob co,i,
mauli sa man̄ga paraya n̄g Mundo.

Ay marapatin po na tangapin mo na
n̄gayon yaring aking abang calulua,
at mamatay naua aco sa pagsinta
sa iyo Dios co,t, macandiling Amá.

Dinin̄gig n̄g Dios ang gayong dalan̄gin
caya n̄ga,t, ang tan̄gang hininga,i, nakitil
ni Santa Agueda,t, kinamtan noon din
yaong lualhating ualang hangang aliw.

Anopa,t, natapos ang lahat n̄g hirap
nahaliling tua nama,i, ualang capas,
yaong Virgeng Martir na lubhang mapalad
n̄gayo,i, na sa lan̄git na puspos ang galac.

Páhiná 52

SANTA TEODORA MARTIR

Niyong Emperador si Deocleciano
nag-utos sumamba sa man̄ga Idolo,
ang man̄ga binyagan na cahima,t, sino
ang balang sumuay papanaw sa Mundo.

Caya n̄ga,t, ang isang butihing dalagang
Anác tauong mahal sa Alejandria,
siya,i, nagn̄gan̄galang si Teodora
na sa Idolos ay aayaw sumamba.

Dahilan sa gayong guinauang pagtangui
ay ipinaculong ang abang babaye,
doon sa bahay n̄g man̄ga ualang puri
na sa cahalaya,i, pauang nauiuili.

N̄guni,t, inin̄gatan din naman n̄g Dios
at isang soldado ang doo,i, pumasoc,
n̄gala,i, si Didimo na binyagang lubos
ang siyang sa silid niya ay naglagos.

Sa Santa at Martir cung caya tumun̄go
siyang cailan̄ga,t, ang uica,i, ganito,
huag cang matacot sa pagparito co
at aco,i, cristiano ring caparis mo.

Caya sa silid mo kita ay linacbay
ang calinisan mo,i, nang di madun̄gisan,
pagpasoc cong ito,i, ualang ibang pacay
cundi sa nais co na mapag-in̄gatan.

Iyang iyong puri caya tangapin mo
at siyang isuot ang damit na ito,
na cagayacan co sa pagcasundalo
at lumabas ca na,t, magtagong totoo.

At aco ang siyang dito,i, matitira
na mahahalili,t, upang maligtas ca,
sa capahamaca,t, sa payong maganda
ay agad pumayag din si Teodora.

Dagling isinuot na n̄ga yaong damit
na pagca-soldadong cay Didimong gamit,
ang Santa,i, lumabas sa naturang silid
na cahima,t, sino,i, ualang nacamasid.

Nang sa Emperador na mapag-alaman
yaong pagcauala sa culunġang bahay,
nang manġa babayeng búhay na mahalay
ni Santa Teodorang loob na timtiman.

Pagca,t, hinalinhan siya ni Didimo
caya nacalabas na hindi naino,
siyang hinatulan na putlan nang ulo
yaong nagpahiram nang damit soldado.

Mapagtalastas naman ni Teodora
na si Didimo ang kikitlang hininġa,
ay siya,i, tumacbong humabol pagdaca
hangang sa dumating sa lupang talaga.

Na doon ang laang puputlan nang ulo
yaong humaliling bayaning sundalo,
aniya,i, ang dapat patayin ay aco
alang-alang naua sa cay Jesucristo.

Yaong si Didimo ay sumagot naman
uica,i, di matuid ang hiling mong iyan,
sapagca,t, icaw ay aking hinalinhan
aco n̄ga ang siyang dapat na mamatay.

At yayamang iyong ipinagcaloob
sa akin, ay dapat buhay co,i, matapos,
n̄guni,t, tumutol sa gayong palasahot
si Santa Teodora at ang isinagot.

Ipinayag co n̄gang aco,i, halinhan mo
nang upang maligtas lamang ang puri co,
sa capanġanibang daya nitong Mundo
doon sa bigay mo na damit soldado.

Hindi co ipinagcaloob sa bagay
na hahaliuhan mong icaw ang mamatay,
na magcamit niyong calualhatian
niyong pagca-martir na sa aki,i, laan.

At hindi co hanġad mabuhay sa Mundo
Hucom na malupit n̄ġ madinġig ito,
pinaputlan yaong dalaua nang ulo
ang hirang na manġa alagád ni Cristo.

Siyang pagcatapos nang búhay na hiram
nang dalauang Martir sa lupang ibabaw,
at doon sa gloria,i, guinanti naman
nang di matatapos na caligayahan.

Apat na pung sundalong Martir

Manġa Mártires n̄ga na pinanġanġanlang
de Sabaste yaong soldadong binyagan,
apat na pung husto yaong cabilanġan
na hindi miminsan na pinahirapan.

Sa pagca-bilango nang isang malupit
na Gobernador n̄gang di nagdalang hapis,
n̄ġala,i, Agricoláo nang nagbigay sakit
sa banal na manġa sundalong mabait.

Doon sa Sabaste nangyari nang una
Ciudad nang cahariang Armenia,

ang manġa soldado,i, nang pahubaran na
niyong tampalasa,t, ipinag-utos pa.

Na magdamag niya na ipinababad
sa paliguan nġang laang pangpahirap,
na punó nang tubig lamig ay di hamac
na pinahamuga,t, namumuong cagyat.

Dahil sa taglamig noon ang panahon
caguinaua,i, halos ualang macaucol,
ang di macatagal utos ay umaho,t,
sa malahininġang tubig pumaroon.

Yao,i, siyang tandang tumatalicod na
sa Dios na dati nilang sinasamba,
ito ang tadhana sa sino mang siya
na manġa soldadong binigyang parusa.

Niyong hating gabing sadyang calaliman
na yaong hininġa,i, papanaw na lamang,
nang manġa bayaning Mártires na tunay
at para-para nang nagsisipanġatal.

Sa malaking guinaw, nġuni at namalas
na sa paligua,i, biglang lumiuang,
nakita nang isang bantay na caharap
na hindi binyagan ang hiuagang ganap.

Na ang maligayang doo,i, pagpanaog
nang mapag-candili na Poong si Jesús,
na galing sa lanġit at humintong lubos
sa tapat nang Martir na manġa soldados.

At ipinag-utos sa casamang tanan
na manġa Angeles na pauang putunġan
nang isang corona balang isa naman
nang manġa Mártires na manġa mamatay.

Tanġi yaong isang loob na mahina
na sa parusahan ay umahong cusa
at di na mahintay ang coronang handá
na sa gayong dusa ay ganting biyaya.

Pusò ay nagtaca,t, nagulumihanan
at nagbalic loob sa Dios na tunay,
yaong di binyagang doo,i, nagbabantay
dahil sa himala niyang napagmasdan.

Ginaua pagdaca ay siya,i, naghubad
at taos sa loob na ipinanġusap,
na cristiano siya sa tanang caharap
at sa paliguan ay lumusong agád.

Di lubhang nalaon naman ay namatay
caya maligayang caniyang kinamtan,
ang sa pagca martir na coronang hirang
sa sandaling hirap tua,i, ualang hanġan.

Ang mahinang loob na di nacabata
nġ sandaling hirap alang-alang bagá,
sa cay Jesucristo at humanap siya
nġ guinhauang tubig na malahininġa.

Nang macaraan na yaong ilang araw
siya nama,i, cusang nakitlan nġ buhay,
ay napacasama,t, dusang ualang hangan
doon sa Infierno ang kinahinatnan.

Capagca-umaga ay ipinag-utos
ni Agriculáo nġa sa manġa verdugos,
na ang manġa Martir na manġa soldados
na sa paliguan hirap ay malubos.

Na pauang balian namang para-para
niyong manġa hita at tipunin sila,
sa siga,i, sunuguing lahat capagdaca
ito sa verdugos ang babala niya.

Ang pinacabata,i, canilang bayaan
sa manġa Mártires na pinarusahan,
na si Meliton nġa ang siyang panġalan
sapagca,t, canilang nakita pang buhay.

Nġunit siya nama,i, tantong mahina na
at hindi na halos na macagalaw pa,
at namamanhid ang boong catauan niya
at papanaw na nġa ang tanġang hiniġa.

Iná,i, nabalisa niyong si Meliton
nang nasang maninġas sa bagay na yaon,
na malubos ang pagca-martir niyong
Anác at masamang sunuguin sa apóy.

Pagdaca ang bata,i, caniyang pinasan
at ang manġa carro,i, caniyang sinundan,
na sa Mártires nġa na kinalalagyan
na dadalhin doon sa pag-susunugan.

Ipamamanhic niyang talaga doon
sa pinag-atasan niyong Gobernador,
na ipakihapis nila si Meliton
sa sigâ,t, masamang mamatay sa apóy.

At ualang guinaua siya habang daan
cundi ang Anác niya ay pinanġaralan,
bunso co,i, tiisin yaong cainitan
nġ apóy, na parang pagtitiis naman.

Nang guináw sa paliguan nġang malamig
naghinġalo nama,t, buhay ay napatid,
niyong si Melitong matimtimang bait
sa lacad na yaon nġ manġa Mártires.

Mabait na Iná ay tantong nalugod
at yaong pag-asa ay puspos na puspos
at ang Anác niya ay kinamtan na lubos
yaong lualhating caloob nġ Dios.

At na sa Lanġit nang caluluang hirang
caya agad-agad niyang ilinagay
sa talagang carro ang sa batang bangcay
nġ manġa Santos Mártires na banal.

Sumunod ding gaya nang dati ang Iná
hangang di napugnaw sa sigang nakita,
ito nġa ang dinarasal cung fiesta
na manġa Mártires de Sabaste bagá.

Bilang ica sampu niyong Marzong buan
guinagaua yaong manġa capurihan,
nang apat na pung Mártires na tunay
na manġa, soldadong pauang manġa banal.

¡Oh manġa capatid dinguin yaring luhog
na pag-tibayin ang ating manġa loob,
nang sampalataya sa totoong Dios
at sa Iglesiang taglay nang sumacop.

Huag nang isipin na manġagbago pa
sa Iglesiang dati nang sampalataya,
at yamang ang dati atin nang kilala
ang hindi mabilang na Santo at Santa.

Ang manġa Mártires ay gayon din naman
na nagsipaghain nang canilang buhay,
sa catacot-tacot nilang camatayan
sa cay Jesucristong Dios alang-alang.

Cahimanauari tayo ay matulad
sa manġa Mártires na Santos at Santas,
at sa ating puso nua ay malimbag
ang aral ni Cristo sa atin at atas.

Hanapin ang lalong mabuting paraan
na icasusupil sa ating catauan,

huag manatili sumagap n̄g layaw
n̄g Mundong sa huli pauang cahirapan.

Caya tayo,i, dapat maglingcod tuina
sa Dios na Poo,t, sa Virgen María,
upang tayo nama,i, macasama nila
doon sa payapa,t, ualang hangang saya.



*** END OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK CAHANGAHANGANG BUHAY NI SANTA
MARGARITA DE CORTONA ***

Updated editions will replace the previous one—the old editions will be renamed.

Creating the works from print editions not protected by U.S. copyright law means that no one owns a United States copyright in these works, so the Foundation (and you!) can copy and distribute it in the United States without permission and without paying copyright royalties. Special rules, set forth in the General Terms of Use part of this license, apply to copying and distributing Project Gutenberg™ electronic works to protect the PROJECT GUTENBERG™ concept and trademark. Project Gutenberg is a registered trademark, and may not be used if you charge for an eBook, except by following the terms of the trademark license, including paying royalties for use of the Project Gutenberg trademark. If you do not charge anything for copies of this eBook, complying with the trademark license is very easy. You may use this eBook for nearly any purpose such as creation of derivative works, reports, performances and research. Project Gutenberg eBooks may be modified and printed and given away—you may do practically ANYTHING in the United States with eBooks not protected by U.S. copyright law. Redistribution is subject to the trademark license, especially commercial redistribution.

START: FULL LICENSE
THE FULL PROJECT GUTENBERG LICENSE
PLEASE READ THIS BEFORE YOU DISTRIBUTE OR USE THIS WORK

To protect the Project Gutenberg™ mission of promoting the free distribution of electronic works, by using or distributing this work (or any other work associated in any way with the phrase “Project Gutenberg”), you agree to comply with all the terms of the Full Project Gutenberg™ License available with this file or online at www.gutenberg.org/license.

**Section 1. General Terms of Use and Redistributing Project Gutenberg™
electronic works**

1.A. By reading or using any part of this Project Gutenberg™ electronic work, you indicate that you have read, understand, agree to and accept all the terms of this license and intellectual property (trademark/copyright) agreement. If you do not agree to abide by all the terms of this agreement, you must cease using and return or destroy all copies of Project Gutenberg™ electronic works in your possession. If you paid a fee for obtaining a copy of or access to a Project Gutenberg™ electronic work and you do not agree to be bound by the terms of this agreement, you may obtain a refund from the person or entity to whom you paid the fee as set forth in paragraph 1.E.8.

1.B. “Project Gutenberg” is a registered trademark. It may only be used on or associated in any way with an electronic work by people who agree to be bound by the terms of this agreement. There are a few things that you can do with most Project Gutenberg™ electronic works even without complying with the full terms of this agreement. See paragraph 1.C below. There are a lot of things you can do with Project Gutenberg™ electronic works if you follow the terms of this agreement and help preserve free future access to Project Gutenberg™ electronic works. See paragraph 1.E below.

1.C. The Project Gutenberg Literary Archive Foundation (“the Foundation” or PGLAF), owns a compilation copyright in the collection of Project Gutenberg™ electronic works. Nearly all the individual works in the collection are in the public domain in the United States. If an individual work is unprotected by copyright law in the United States and you are located in the United States, we do not claim a right to prevent you from copying, distributing,

performing, displaying or creating derivative works based on the work as long as all references to Project Gutenberg are removed. Of course, we hope that you will support the Project Gutenberg™ mission of promoting free access to electronic works by freely sharing Project Gutenberg™ works in compliance with the terms of this agreement for keeping the Project Gutenberg™ name associated with the work. You can easily comply with the terms of this agreement by keeping this work in the same format with its attached full Project Gutenberg™ License when you share it without charge with others.

1.D. The copyright laws of the place where you are located also govern what you can do with this work. Copyright laws in most countries are in a constant state of change. If you are outside the United States, check the laws of your country in addition to the terms of this agreement before downloading, copying, displaying, performing, distributing or creating derivative works based on this work or any other Project Gutenberg™ work. The Foundation makes no representations concerning the copyright status of any work in any country other than the United States.

1.E. Unless you have removed all references to Project Gutenberg:

1.E.1. The following sentence, with active links to, or other immediate access to, the full Project Gutenberg™ License must appear prominently whenever any copy of a Project Gutenberg™ work (any work on which the phrase “Project Gutenberg” appears, or with which the phrase “Project Gutenberg” is associated) is accessed, displayed, performed, viewed, copied or distributed:

This eBook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this eBook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you will have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

1.E.2. If an individual Project Gutenberg™ electronic work is derived from texts not protected by U.S. copyright law (does not contain a notice indicating that it is posted with permission of the copyright holder), the work can be copied and distributed to anyone in the United States without paying any fees or charges. If you are redistributing or providing access to a work with the phrase “Project Gutenberg” associated with or appearing on the work, you must comply either with the requirements of paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 or obtain permission for the use of the work and the Project Gutenberg™ trademark as set forth in paragraphs 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.3. If an individual Project Gutenberg™ electronic work is posted with the permission of the copyright holder, your use and distribution must comply with both paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 and any additional terms imposed by the copyright holder. Additional terms will be linked to the Project Gutenberg™ License for all works posted with the permission of the copyright holder found at the beginning of this work.

1.E.4. Do not unlink or detach or remove the full Project Gutenberg™ License terms from this work, or any files containing a part of this work or any other work associated with Project Gutenberg™.

1.E.5. Do not copy, display, perform, distribute or redistribute this electronic work, or any part of this electronic work, without prominently displaying the sentence set forth in paragraph 1.E.1 with active links or immediate access to the full terms of the Project Gutenberg™ License.

1.E.6. You may convert to and distribute this work in any binary, compressed, marked up, nonproprietary or proprietary form, including any word processing or hypertext form. However, if you provide access to or distribute copies of a Project Gutenberg™ work in a format other than “Plain Vanilla ASCII” or other format used in the official version posted on the official Project Gutenberg™ website (www.gutenberg.org), you must, at no additional cost, fee or expense to the user, provide a copy, a means of exporting a copy, or a means of obtaining a copy upon request, of the work in its original “Plain Vanilla ASCII” or other form. Any alternate format must include the full Project Gutenberg™ License as specified in paragraph 1.E.1.

1.E.7. Do not charge a fee for access to, viewing, displaying, performing, copying or distributing any Project Gutenberg™ works unless you comply with paragraph 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.8. You may charge a reasonable fee for copies of or providing access to or distributing Project Gutenberg™ electronic works provided that:

- You pay a royalty fee of 20% of the gross profits you derive from the use of Project Gutenberg™ works calculated using the method you already use to calculate your applicable taxes. The fee is owed to the owner of the Project Gutenberg™ trademark, but he has agreed to donate royalties under this paragraph to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation. Royalty payments must be paid within 60 days following each date on which you prepare (or

are legally required to prepare) your periodic tax returns. Royalty payments should be clearly marked as such and sent to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation at the address specified in Section 4, "Information about donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation."

- You provide a full refund of any money paid by a user who notifies you in writing (or by e-mail) within 30 days of receipt that s/he does not agree to the terms of the full Project Gutenberg™ License. You must require such a user to return or destroy all copies of the works possessed in a physical medium and discontinue all use of and all access to other copies of Project Gutenberg™ works.
- You provide, in accordance with paragraph 1.F.3, a full refund of any money paid for a work or a replacement copy, if a defect in the electronic work is discovered and reported to you within 90 days of receipt of the work.
- You comply with all other terms of this agreement for free distribution of Project Gutenberg™ works.

1.E.9. If you wish to charge a fee or distribute a Project Gutenberg™ electronic work or group of works on different terms than are set forth in this agreement, you must obtain permission in writing from the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, the manager of the Project Gutenberg™ trademark. Contact the Foundation as set forth in Section 3 below.

1.F.

1.F.1. Project Gutenberg volunteers and employees expend considerable effort to identify, do copyright research on, transcribe and proofread works not protected by U.S. copyright law in creating the Project Gutenberg™ collection. Despite these efforts, Project Gutenberg™ electronic works, and the medium on which they may be stored, may contain "Defects," such as, but not limited to, incomplete, inaccurate or corrupt data, transcription errors, a copyright or other intellectual property infringement, a defective or damaged disk or other medium, a computer virus, or computer codes that damage or cannot be read by your equipment.

1.F.2. LIMITED WARRANTY, DISCLAIMER OF DAMAGES - Except for the "Right of Replacement or Refund" described in paragraph 1.F.3, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, the owner of the Project Gutenberg™ trademark, and any other party distributing a Project Gutenberg™ electronic work under this agreement, disclaim all liability to you for damages, costs and expenses, including legal fees. YOU AGREE THAT YOU HAVE NO REMEDIES FOR NEGLIGENCE, STRICT LIABILITY, BREACH OF WARRANTY OR BREACH OF CONTRACT EXCEPT THOSE PROVIDED IN PARAGRAPH 1.F.3. YOU AGREE THAT THE FOUNDATION, THE TRADEMARK OWNER, AND ANY DISTRIBUTOR UNDER THIS AGREEMENT WILL NOT BE LIABLE TO YOU FOR ACTUAL, DIRECT, INDIRECT, CONSEQUENTIAL, PUNITIVE OR INCIDENTAL DAMAGES EVEN IF YOU GIVE NOTICE OF THE POSSIBILITY OF SUCH DAMAGE.

1.F.3. LIMITED RIGHT OF REPLACEMENT OR REFUND - If you discover a defect in this electronic work within 90 days of receiving it, you can receive a refund of the money (if any) you paid for it by sending a written explanation to the person you received the work from. If you received the work on a physical medium, you must return the medium with your written explanation. The person or entity that provided you with the defective work may elect to provide a replacement copy in lieu of a refund. If you received the work electronically, the person or entity providing it to you may choose to give you a second opportunity to receive the work electronically in lieu of a refund. If the second copy is also defective, you may demand a refund in writing without further opportunities to fix the problem.

1.F.4. Except for the limited right of replacement or refund set forth in paragraph 1.F.3, this work is provided to you 'AS-IS', WITH NO OTHER WARRANTIES OF ANY KIND, EXPRESS OR IMPLIED, INCLUDING BUT NOT LIMITED TO WARRANTIES OF MERCHANTABILITY OR FITNESS FOR ANY PURPOSE.

1.F.5. Some states do not allow disclaimers of certain implied warranties or the exclusion or limitation of certain types of damages. If any disclaimer or limitation set forth in this agreement violates the law of the state applicable to this agreement, the agreement shall be interpreted to make the maximum disclaimer or limitation permitted by the applicable state law. The invalidity or unenforceability of any provision of this agreement shall not void the remaining provisions.

1.F.6. INDEMNITY - You agree to indemnify and hold the Foundation, the trademark owner, any agent or employee of the Foundation, anyone providing copies of Project Gutenberg™ electronic works in accordance with this agreement, and any volunteers associated with the production, promotion and distribution of Project Gutenberg™ electronic works, harmless from all liability, costs and expenses, including legal fees, that arise directly or indirectly from any of the following which you do or cause to occur: (a) distribution of this or any Project Gutenberg™ work, (b) alteration, modification, or additions or deletions to any

Project Gutenberg™ work, and (c) any Defect you cause.

Section 2. Information about the Mission of Project Gutenberg™

Project Gutenberg™ is synonymous with the free distribution of electronic works in formats readable by the widest variety of computers including obsolete, old, middle-aged and new computers. It exists because of the efforts of hundreds of volunteers and donations from people in all walks of life.

Volunteers and financial support to provide volunteers with the assistance they need are critical to reaching Project Gutenberg™'s goals and ensuring that the Project Gutenberg™ collection will remain freely available for generations to come. In 2001, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation was created to provide a secure and permanent future for Project Gutenberg™ and future generations. To learn more about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation and how your efforts and donations can help, see Sections 3 and 4 and the Foundation information page at www.gutenberg.org.

Section 3. Information about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation

The Project Gutenberg Literary Archive Foundation is a non-profit 501(c)(3) educational corporation organized under the laws of the state of Mississippi and granted tax exempt status by the Internal Revenue Service. The Foundation's EIN or federal tax identification number is 64-6221541. Contributions to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation are tax deductible to the full extent permitted by U.S. federal laws and your state's laws.

The Foundation's business office is located at 809 North 1500 West, Salt Lake City, UT 84116, (801) 596-1887. Email contact links and up to date contact information can be found at the Foundation's website and official page at www.gutenberg.org/contact

Section 4. Information about Donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation

Project Gutenberg™ depends upon and cannot survive without widespread public support and donations to carry out its mission of increasing the number of public domain and licensed works that can be freely distributed in machine-readable form accessible by the widest array of equipment including outdated equipment. Many small donations (\$1 to \$5,000) are particularly important to maintaining tax exempt status with the IRS.

The Foundation is committed to complying with the laws regulating charities and charitable donations in all 50 states of the United States. Compliance requirements are not uniform and it takes a considerable effort, much paperwork and many fees to meet and keep up with these requirements. We do not solicit donations in locations where we have not received written confirmation of compliance. To SEND DONATIONS or determine the status of compliance for any particular state visit www.gutenberg.org/donate.

While we cannot and do not solicit contributions from states where we have not met the solicitation requirements, we know of no prohibition against accepting unsolicited donations from donors in such states who approach us with offers to donate.

International donations are gratefully accepted, but we cannot make any statements concerning tax treatment of donations received from outside the United States. U.S. laws alone swamp our small staff.

Please check the Project Gutenberg web pages for current donation methods and addresses. Donations are accepted in a number of other ways including checks, online payments and credit card donations. To donate, please visit: www.gutenberg.org/donate

Section 5. General Information About Project Gutenberg™ electronic works

Professor Michael S. Hart was the originator of the Project Gutenberg™ concept of a library of electronic works that could be freely shared with anyone. For forty years, he produced and distributed Project Gutenberg™ eBooks with only a loose network of volunteer support.

Project Gutenberg™ eBooks are often created from several printed editions, all of which are confirmed as not protected by copyright in the U.S. unless a copyright notice is included. Thus, we do not necessarily keep eBooks in compliance with any particular paper edition.

Most people start at our website which has the main PG search facility: www.gutenberg.org.

This website includes information about Project Gutenberg™, including how to make donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, how to help produce our new eBooks, and how to subscribe to our email newsletter to hear about new eBooks.